123. According to Austin, performatives could be of five (5) classes: Verdictive is an exercise of judgment by giving a verdict by a jury, arbitrator, or umpire; Exercitive is an assertion of influence or exercising of powers, or rights by appointing, voting, ordering, urging, advising, warning, etc; Commissive is an assuming of an obligation or declaring of an intention by promising or otherwise undertaking; Behabitive is the adopting of an attitude and have to do with social behavior like apologizing, congratulating, commending, condoling, cursing, and challenging; and Expositive is the clarifying of reasons, arguments, and communications (150, 162).
124. Adapted from Georg Friedrich Philipp von Hardenberg Novalis' "communion of the word," which means "love evolves into communion with God, the perfection of our consciousness of how we relate to it."

## Works Cited

- 2015 *Census of Population: Demographic and Socioeconomic Characteristics, Quezon*. Philippine Statistics Authority, June 2017, [https://psa.gov.ph/sites/default/files/04A\\_Quezon.pdf](https://psa.gov.ph/sites/default/files/04A_Quezon.pdf).
- Abulencia, Maria Lourdes B. "Mayohan sa Tayabas: Resurrecting the Cabecera Spirit." *The Manila Times*, 5 May 2000, p. 11B. *SEASite*, [www.seasite.niu.edu/tagalog/cynthia/festivals/mayohan\\_sa\\_tayabas.htm](http://www.seasite.niu.edu/tagalog/cynthia/festivals/mayohan_sa_tayabas.htm). Accessed 8 August 2016.
- Acuña, Jasmin Espiritu. *The Development of Thinking among Filipinos: Implications for Public Education*. Institute of Science and Mathematics Education Development, University of the Philippines / De La Salle University, 1987.
- Afable, Cynthia C. *Understanding the Present-Day Paawitán Among Tayábasin Communities in the Province of Quezon, Philippines*. 2012. Philippine Women's U, MA thesis.
- Aldivino, Rolan B., and Marco Antonio R. Rodas. "Lambanog: Isang Panimulang Pagaaral sa Lipunang Tayábasin." *College of Arts and Sciences Research Studies*, vol. 12, no. 1, Feb. 2010, pp. 89-92.
- Almario, Virgilio S. *Pag-unawa sa Ating Pagtula: Pagsusuri at Kasaysayan ng Panulaang Filipino*. Manila: Anvil Publishing, Inc., 2006.
- , ed. *Poetikang Tagalog: Mga Unang Pagsusuri sa Sining ng Pagtulang Tagalog*. U of the Philippines Diliman Sentro ng Wikang Filipino / National Commission for Culture and the Arts, 1996.
- . "Trahedya ng Dalit: Ang Malungkot na Kasaysayan ng isang Áwit." *Bulawan*, vol. 17, 2005, pp. 39-50.
- Althusser, Louis. *On the Reproduction of Capitalism: Ideology and Ideological State Apparatuses* (English Edition). Verso, 2014.
- Alvarez Guerra, Juan. *Viajes por Filipinos: De Manila a Tayabas*. 2nd ed. Madrid, 1877. Manila: National Historical Institute, 2009.
- Anderson, Benedict. *Imagined Communities: Reflections on the Origin and Spread of Nationalism*. Rev. ed. London Verso, 1991.
- Appadurai, Arjun. *Modernity at Large: Cultural Dimensions of Globalization*. U of Minnesota P, 1996.
- Aubrey, Elizabeth. "Reconsidering High Style and Low Style in Medieval Song." *Journal of Music Theory*, vol. 52, No. 1, spring 2008, pp. 75-122. *JSTOR*, [www.jstor.org/stable/40607030](http://www.jstor.org/stable/40607030). Accessed 25 July 2016.
- Austin, John L. *How To Do Things With Words?* Harvard UP, 1962.
- Áwit at Salaysay ng Pasiong Mahal ni Hesukristong Panginoon Natin Na Sukat Ipagalab ng Puso ng Sinumang Babasa. Ignacio & Juliana Luna and Sons, 2011. Cited in text as *Pasiong Mahal*.
- Bakhtin, Mikhail M. "From Notes Made in 1970-71." Bakhtin, *Speech Genres*, pp. 132-58.

- . *The Dialogic Imagination*. U of Texas P, 1981.
- . *Speech Genres and Other Late Essays*. Translated by Vern W. McGee, edited by Caryl Emerson and Michael Holquist, U of Texas P, 1986.
- . *Toward a Philosophy of the Act*. Edited by Vadim Liapunov and Michael Holquist, U of Texas P, 1993.
- Bauman, Richard, and Charles L. Briggs. "Poetics and Performance as Critical Perspectives on Language and Social Life." *Annual Review of Anthropology*, vol. 19, pp. 59-88.
- Barthes, Roland. *Image, Music, Text*. Fontana Press, 1977.
- . *The Rustle of Language*. U of California P, 1986.
- Beasley-Murray, Tim. *Mikhail Bakhtin and Walter Benjamin: Experience and Form*. Palgrave Macmillan. 2007.
- Benitez, Francisco B. "Ang Mga Pinagdaanang Buhay ng Ibong Adarna: Narrativity and Ideology in the Adarna's Corrido and Filmic Versions." *Kritika Kultura*, vol. 10, 2008, pp. 5-40.
- Bohlman, Philip V. "Traditional Music and Cultural Identity: Persistent Paradigm in the History of Ethnomusicology." *Yearbook of Traditional Music*, vol. 20, 1988, pp. 26-42. *JSTOR*, <https://doi.org/10.2307/768164>.
- Borromeo, Mauricia D. "Art Song." *CCP Encyclopedia of Philippine Art*, Cultural Center of the Philippines. 1994, <https://epa.culturalcenter.gov.ph/5/35/768/>. Accessed 27 Nov. 2015.
- Brantlinger, Patrick. *Bread and Circuses: Theories of Mass Culture as Social Decay*. Cornell UP, 1983.
- Bridges, Robert. *Milton's Prosody*. Rev. ed. Oxford UP, 1921.
- Castro, Rosalina Icban. *Literature of the Pampangos*. U of the East P, 1981.
- Conklin, Harold, and Jose M. Maceda. *Hanunuo Music from the Philippines*. Ethnic Folkways Records, 1955.
- Cornelio, Jayeel Serrano. "Religious Rituals in Tayábas." *Building a Database for a Community-based Heritage Tourism Framework in Tayábas*, edited by Ana Maria Theresa P. Labrador and Fernando Zialcita, report submitted to Fundacion Santiago and the City of Tayábas, Quezon, Department of Sociology, Ateneo de Manila U, 2009.
- Coroza, Michael M. "Ang mga Antas ng Tugmaan." *Liwayway*, 3 Pebrero 2014..
- . "Ang Sining ng Saling-áwit: Kasaysayan, Proseso, at Pagpapahalaga." *Salin-Suri: Panimulang Pagmamapa ng mga Larangan ng Pag-aaral ng Pagsasalin sa Filipinas*, edited by Galileo S. Zafra, U of the Philippines, Sentro ng Wikang Filipino / Sanggunian sa Filipino / National Commission for Culture and the Arts, 2009, pp. 121-39.
- De La Cruz, Beato A. *Contributions of the Aklan Mind to Philippine Literature*. Vol. 1, Kalantiao Press, 1958.

- De Leon, Jacinto R., editor. *Ang Dakilang Awit ni Balagtas. (Florante at Laura)*. Philippine Education Company, 1948.
- Dumont, Jean-Paul. *Visayan Vignettes: Ethnographic Traces of a Philippine Island*. Ateneo de Manila UP, 1992.
- Dunn, Leslie C., and Nancy A. Jones, editors. *Embodied Voices: Representing Female Vocality in Western Culture*. Cambridge UP, 1994.
- Eugenio, Damiana L., editor and compiler. *Awit at Corrido: Philippine Metrical Romances*. U of the Philippines P, 1987.
- Evasco, Eugene Y., et al. *Palihan: Hikayat sa Panitikan at Malikhaing Pagsulat*. C&E Publishing, 2008.
- Finnegan, Ruth. *Oral Traditions and the Verbal Arts*. Routledge, 1992.
- Fiske, John. "Cultural Studies and the Culture of Everyday Life." *Cultural Studies*, edited by Lawrence Grossberg et al., Routledge, 1992, pp. 154-73.
- Foronda, Marcelino A. Jr., compiler, editor, and translator. *Kutibeng: Philippine Poetry in Iloko, 1621-1971*. De La Salle UP, 1976.
- Geertz, Clifford. *The Interpretation of Culture*. Basic Books, 1973.
- Glaser, Ben. "Milton in Time: Prosody, Reception, and the Twentieth Century Abstraction of Form." *Thinking Verse*, vol. 3, 2013, pp. 169-185.
- Gutierrez, Ma. Colina. "The Cebuano *Balitaw* and How It Mirrors Visayan Culture and Folklife." *Folklore Studies*, vol. 20, 1961.
- Hall, Kira. "Performativity." *Journal of Linguistic Anthropology*, vol. 9, nos. 1-2, 2000, pp. 184-87.
- Havelock, Eric. *Preface to Plato*. Belknap Press, 1963.
- Hornedo, Florentino. *Culture and Community in the Philippine Fiesta and other Celebrations*. U of Santo Tomas Publishing House, 2000.
- Ileto, Reynaldo Clemeña. *Pasyon and Revolution: Popular Movements in the Philippines, 1840-1910*. Ateneo de Manila UP, 1979.
- Jones, Anne Rosalind. "Julia Kristeva on Femininity: The Limits of a Semiotic Politics." *Feminist Review*, no. 18, winter 1984, pp. 56-73. *JSTOR*, <https://doi.org/10.2307/1394859>.
- Jung, Carl Gustav, et al. *Man and His Symbols*. Anchor Press / Doubleday, 1964.
- . *Psychological Reflections: A New Anthology of His Writings 1905-1961*. Edited by Jolande Jacobi and R. F. C. Hull, Princeton UP, 1978.
- Kent, Thomas. "Hermeneutics and Genre: Bakhtin and the Problem of Communicative Interaction." *Landmark Essays on Bakhtin, Rhetoric, and Writing*, edited by Frank Farmer, ed. Hermagoras Press of Lawrence Erlbaum Associates, Publishers, 1998, pp. 33-49.
- Kristeva, Julia. *Revolution in Poetic Language*. Columbia UP, 1984.
- Linell, Per. *Rethinking Language, Mind, and World Dialogically: Interactional and Contextual Theories of Human Sense-Making*. Information Age Publishing, 2009.

- Lochhead, Judy. Review of *Embodied Voices: Representing female vocality in western culture*, by Leslie C. Dunn and Nancy A. Jones, editors. *Music Theory Online*, vol. 2, no. 1, Jan. 1996, [www.mtosmt.org/issues/mto.96.2.1.lochhead.html](http://www.mtosmt.org/issues/mto.96.2.1.lochhead.html). Accessed 30 May 2015.
- Lord, Albert Bates. *The Singer of Tales*. Atheneum, 1960.
- Love, Robert S. *The Samahan of Papa God: Tradition and Conversion in a Tagalog Peasant Religious Movement*. Anvil Publishing, 2004.
- Lumbera, Bienvenido L. *Tagalog Poetry 1570-1989: Tradition and Influences in its Development*. Ateneo de Manila UP, 1986.
- Manuel, Esperidion Arsenio. *A Lexicographic Study of Tayábas Tagalog of Quezon Province*. Diliman Review, U of the Philippines, 1971.
- . *Tayábas Tagalog Áwit Fragments from Quezon Province*. SVD Research Institute, 1958.
- Martinez, Maria Cristina. “The Taming of a Shrew: A Re-reading of Cebuano *Balitaws*.” *Review of Women’s Studies*, vol. 3, no. 1, Dec. 1992, pp. 111-117. [journals.upd.edu.ph/index.php/rws/article/views/3194/2995](http://journals.upd.edu.ph/index.php/rws/article/views/3194/2995). Accessed 13 Jan. 2016.
- Moi, Toril, editor. *The Kristeva Reader*. New York: Columbia UP, 1986.
- Mulder, Neils. “Filipino Civilisation in Context: The Past in the Present, the Present in the Past.” *Manuel S. Enverga University Foundation Quarterly*, vol. 49, nos. 3-4, Sept.-Dec. 2011, pp. 7-25.
- . “Lipunan, Kabihasanan at Mamamayan.” *Manuel S. Enverga University Foundation Quarterly*, vol. 50, no. 3, Oct. 2008, pp. 48-55.
- . “Modernity Begets Religion.” *Manuel S. Enverga University Foundation Quarterly*, vol. 54, no. 1, Mar. 2016, pp. 3-12.
- . “‘Philippine Vignettes 3: Little Things’ and ‘Philippine Vignettes 4: Everyday Culture of Public Space’: A Pedestrian View.” *Manuel S. Enverga University Foundation Quarterly*, vol. 51, no. 2, June 2013, pp. 5-23.
- . “Summary: The Insufficiency of Filipino Nationhood.” *Manuel S. Enverga University Foundation Quarterly*, vol. 50, nos. 3-4, Sept.-Dec. 2012, pp. 12-47
- Noceda, Juan de, and Pedro de Sanlucar. *Vocabulario de la lengua tagala*. Edited by Virgilio S. Almario, et al. Komisyon sa Wikang Filipino, 2013.
- O’Guinn, Thomas C. and L. J. Shrum. “The Role of Television in the Construction of Consumer Reality.” *Journal of Consumer Research*, vol. 23, no. 4, Mar. 1997, pp. 278-294. *JSTOR*, [www.jstor.org/stable/2489565](http://www.jstor.org/stable/2489565). Accessed 15 Jan. 2017.
- Ong, Walter. *Orality and Literacy*. Routledge, 1982.
- Palad, Raymundo Andres Valdecañas. *Bayan ng Tayábas: Kasaysayan at Kalinangan (1575-1985)*. RJP Tayábas Books and Souvenirs / Alternatibong Tahanan ng mga Akda at Gawang Nasaliksik / Tayábas Studies and Creative Writing Center, 2016.
- Pandian, Anand. *Crooked Stalks: Cultivating Virtue in South India*. DukeUP, 2009.

- Parry, Adam, ed. *The Making of Homeric Verse*. Oxford Clarendon Press, 1971.
- Pataunia, Necias Chaves. "San Miguel Arkangel: Alaala '88" souvenir program. Basilika Menor of San Miguel Arkangel's SUSI ng Tayábas, 1989.
- Pechey, Graham. *Mikhail Bakhtin: The Word in the World*. Routledge / Taylor & Francis Group, 2007.
- Pertierra, Raul. "Anthropology and the Aldub Nation: Entertainment as Politics and Politics as Entertainment." *Philippine Studies: Historical & Ethnographic Viewpoints*, vol. 64, no. 2, 2016, pp. 289-300.
- Popova, Maria. "The Conscience of Words: Susan Sontag on the Wisdom of Literature, the Danger of Opinions, the Writer's Task and Writing about Living in the 'Century of the Self.'" *The Marginalian*, 19 Dec. 2016, www.themarginalian.org/2016/12/19/susan-sontag-the-conscience-of-words/. Brain Pickings. <https://www.brainpickings.org>. Accessed 29 Nov. 2016.
- . "Telling Is Listening: Ursula K. Le Guin and the Magic of Real Human Conversation." *The Marginalian*, 21 Oct. 2015, www.themarginalian.org/2015/10/21/telling-is-listening-ursula-k-le-guin-communication/. Accessed 29 Nov. 2016.
- Postma, Antoon, compiler, translator, and editor. *Mangyan Treasures The Ambahan: A Poetic Expression of Mangyans of Southern Mindoro, Philippines*. Oriental Mindoro Publication No. 2, Mangyan Heritage Center / Sto. Niño Catholic House, Inc., 2005.
- Preminger, Alex, and T. V. F. Brogan, co-editors. *The New Princeton Encyclopedia of Poetry and Poetics*. Princeton UP, 1993.
- Prudente, Felicidad A. "Expressing Religiosity Through the Performing Arts Among the Tagalog-Speaking People in the Philippines." Paper presented at the Fourth Symposium of the International Council for Traditional Music, Study Group on the Performing Arts in Southeast Asia (ICTM-PASEA), Penang, Malaysia, 31 Jul.-6 Aug. 2016.
- . *Ang Musika ng mga Kuyyon sa Pulo ng Cuyo*. 1977. U of the Philippines, MA thesis.
- Rabuco, Amorita C. *Folk Poetry: The Lo-a*. U of San Agustin P, 2003.
- Realubit, Maria Lilia F. and Teresita Erestain, editors. *Haliya: Anthology of Bikol Poets and Poems*. Vision Printing / the National Commission on Culture and the Arts, National Committee on Literary Arts, 1998.
- Rixhon, Gerard, compiler and editor. *Voices from Sulu: A Collection of Tausug Oral Traditions*. Ateneo de Manila UP, 1992.
- Rodriguez, Jeanette, and Ted Fortier. *Cultural Memory: Resistance, Faith, and Identity*. U of Texas Press, 2007.
- Sala-Boza, Astrid. "The Kulilisi Of The King: A Folk Catholic Courtship Ritual Traditionally Performed At Cebuano Wakes." *Philippine Quarterly of Culture & Society*, vol. 35, 2007, pp. 48-86.



- Salvaña, Hilarion T., "Iba Pang Bersyon ng Paawitán sa Dakong Tayábas." Research paper presented at the Third Tayábas Province Studies Conference, Nawawalang Paraiso, Barangay Dapdap, Tayábas, Quezon, 1-3 Sept. 2006.
- San Agustin, Gaspar de. *El compendio de la lengua tagala*. Manila, 1879.
- San Juan, Epifanio Jr., *Critique and Social Transformation: Lessons from Antonio Gramsci, Mikhail Bakhtin, and Raymond Williams*. Edwin Mellen Press, 2009.
- Scalice, Joseph. *Pasyon, Áwit, Legend: Reynaldo Ileta's Pasyon and Revolution Revisited, a Critique*. 2009. U of California-Berkley, master's thesis.
- Seneca. "Consolation to Helvia." Seneca, *Dialogues*, pp. 163-87.
- . *Dialogues and Essays*. Translated by John Davie, Oxford UP, 2008.
- . "On the Happy Life." Seneca, *Dialogues*, pp. 85-111.
- . "On the Tranquillity of the Mind." Seneca, *Dialogues*, pp. 112-39.
- Shirane, Haruo. "Performance, Visuality, and Textuality: The Case of Japanese Poetry." *Oral Tradition*, vol. 20, no. 2, 2005, pp. 217-32.
- Sontag, Susan. *Susan Sontag: The Complete Rolling Stone Interview*. By Jonathan Cott, Yale UP, 2013.
- Trimillos, Ricardo. "Tradition and Repertoire in the Cultivated Music of the Tausug of Sulu, Philippines." 1972. U of California-Los Angeles, PhD dissertation.
- Trinidad-Zeta, Inang Maring, et al. Interview. Conducted by \*\*\*, 16 Mar. 2016.
- Turner, Victor. "Liminality and Performative Genres." *Rite, Drama, Festival, Spectacle: Rehearsals Toward a Theory of Cultural Performance*. edited by J. J. MacAloon, Institute for The Study of Human Issues, 1984, pp. 19-41.
- . *The Ritual Process: Structure and Anti-Structure*. Aldine Publishing, 1969.
- Vansina, Jan. *Oral Tradition as History*. U of Wisconsin P, 1985.
- Vidal, Lourdes H. and Ma. Crisanta S. Nelmida, translators and editors. *Maikling Kuwentong Kapampangan at Pangasinan*. Ateneo de Manila UP, 1996.
- Villareal, Corazon D., compiler and translator. *Mga Tulang Bayan ng Negros at Panay*. Ateneo de Manila UP, 1997.
- Zafra, Galileo S. *Balagtasán*. Ateneo de Manila UP, 2007.
- Zedda, Paulu. "A Functional Analysis of Mutetu Longu." *Oral Tradition*, vol. 24, no. 1, 2009, pp. 3-40.
- Zumthor, Paul. *Oral Poetry: An Introduction*. U of Minnesota P, 1990.
- Zumthor, Paul, and Marilyn C. Engelhardt. "The Text and the Voice: Oral and Written Traditions in the Middle Ages." *New Literary History*, vol. 16, no. 1, autumn 1984, pp. 67-92. *JSTOR*, [www.jstor.org/stable/468776](http://www.jstor.org/stable/468776). Accessed 26 Apr. 2016.

## APPENDICES

### A. MGA DALIT

#### A.1. Dalit kay San Isidro Labrador

##### Barangay Gibanga, 1945

Sagot/Puga

*San Isidro ay ihibik*

*Kami'y ampon mo't tangkilik.*

1. *Dukha ka man at malait*

*Lubos ang iyong pag-ibig.*

2. *Madla mong kabalaghan*

*Nagbabantog, nagsasaysay.*

3. *Na ikaw ay pinagyaman*

*Ng Diyos sa kalangitan.*

4. *Palibhasa'y sa pag-ibig*

*Nagningas ang iyong dibdib.*

5. *Ang pag-ibig mong matibay*

*Ng puso mo sa Maykapal.*

6. *Kayâ nga't dili naagaw*

*Ng mundo't madlang kaaway.*

7. *Inalalayan ng langit*

*Kayâ lámang 'di lumamig.*

8. *Uliran ng mag-asawa*

*Ikaw ni Santa Maria.*

9. *Ang iyong kasing esposa*

*Sa mabuting pagsasama.*

##### Aklatang Lunas, 1948

*Isidro'y iyong ihibik*

*Kaming ampon mo't tangkilik.*

1. *Dukha ka mang sinasambit*

*Lubos ang iyong pag-ibig.*

2. *Madla mong kabalaghan*

*Nagbabantog, nagsasaysay.*

3. *Na ikaw ay pinagyaman*

*Ng Diyos sa kabanalan.*

4. *Palibhasa'y sa pag-ibig*

*Nagningas ang 'yong dibdib.*

5. *Ang pag-ibig ay matibay*

*Ng puso mo sa Maykapal.*

6. *Kayâ hindi naagaw*

*Ng mundo't madlang kaaway.*

7. *Inalalayan ng langit*

*Kayâ naman di nagahis.*

8. *Uliran ng mag-asawa*

*Ikaw at si Santa Maria.*

9. *Na iyong kasi at sinta*

*Sa mabuting pagsasama.*

10. *Kayâ nga't ang inyong dibdib  
Pinag-isa ng pag-ibig.*

11. *Kailan ma'y di nalanta  
Ang 'yong pagsampalataya.*

12. *Gayundin sa Santa Misa  
Pag-ibig mo'y di nagbawa.*

13. *Ang inani mo sa bukid  
Pinagyayaman ng langit.*

14. *Nagsasakang dukha ka man  
Tinunton mo'y kabanalan.*

15. *At dili mo sininsayan  
Hanggang sa ikaw'y mamatay.*

16. *Mundo'y natalo't nagahis  
Ng iyong bayanig dibdib.*

17. *Ikaw ay pinaratangan  
Na di anhi'y magnanakaw.*

18. *Ngunit ipinagtangkakal  
Ikaw ng Poong Maykapal.*

19. *Di itinulot ng langit  
Na ang puri mo'y malait.*

20. *Sa tao't libo'y laganap  
Ang awa mong walang ulat.*

21. *Kayâ ampunan ang tawag  
Sa iyo ng mahihirap.*

22. *Sapagkat di ka nagkait  
Sa abang sa 'yo'y nalapit.*

23. *Bata, matanda, may damdam  
Sa sakit ay nararatay.*

10. *Kayâ nga't ang inyong dibdib  
Pinag-isa ng pag-ibig.*

11. *Kailan ma'y di nalanta  
Ang 'yong pagsampalataya.*

12. *Gayundin sa Santa Misa  
Pag-ibig mo'y di nagbawa.*

13. *Kayâ't ang ani mo sa bukid  
Pinakayaman ng langit.*

14. *Magsasakang dukha ka man  
Tinunton mo'y kabanalan.*

15. *At hindi mo sininsayan  
Hanggang sa ikaw'y mamatay.*

16. *Mundo'y natalo't nagahis  
Ng iyong bayanig dibdib.*

17. *Ikaw ay pinaratangan  
Na di anhi'y magnanakaw.*

18. *Ngunit ipinagtangkakal  
Ikaw ng Poong Maykapal.*

19. *Di itinulot ng langit  
Na ang puri mo'y maamis.*

20. *Sa tao't libo'y laganap  
Ang awa mong walang likat.*

21. *Kayâ ampunan ang tawag  
Sa iyo ng mahihirap.*

22. *Sapagkat di ka nagkait  
Sa abang sa 'yo'y lumapit.*

23. *Bata't matandang may damdam  
Na sakit, kung nagsasakdal.*

24. Sa iyong nararanasan  
Ang madlang kababalaghan.

24. Sa iyo ay nasusunodan  
Ang madlang kababalaghan.

25. Dili mo pinaalis  
Hanggang di gumaling sa sakit.

25. Hindi mo pinaalis  
Hanggang di maligtas sa sakit.

26. At itong nobenang hain  
Ang pamimintakasi namin.

26. At itong nobenang hain  
Ng pamimintakasi namin.

27. Iyong papagindapating  
Panunghayan at tanggapin.

27. Iyong papagindapating  
Papakinggan at tanggapin.

28. Tingni't hain ang pag-ibig  
At sa iyo'y pananalig.

28. Tingni't hain ng pag-ibig  
At sa iyo'y pananalig.

29. Dukha ka man at malait  
Lubos ang iyong pag-ibig.

29. Dukha ka mang masasambit  
Lubos ang iyong pag-ibig.

## A.2. Dalít sa Mahal na Birhen ng Lourdes

SAGOT: *Babaeng lubhang marangal  
Ligaya ng kalangitan  
Sa Lourdes na poong mahal  
Kami'y iyong sakloloan.*

*Tingni at kaaya-aya  
Tingni at bumababa na  
Mukha ay mapanghalina  
Umaakit sa pagsinta  
At bibigyang kaaliwan  
Ang sangmundong kabilugan. Sagot.*

*Daop ang kamay sa dibdib  
Mata'y tingala sa langit  
Mahinhin ang pananamit  
Katawa'y takip na takip  
Táyo ay inaaralan  
Magmahal sa kalinisan. Sagot.*

*Minalas ang kalupaan  
Sakâ nagmukhang mapanglaw  
Bernardita'y tinitigan  
Poon, ano't nalulumbay  
Manalangin,manalangin  
Ang mundo'y papagsisihin. Sagot.*

*Tingni at nangingiti na  
Wala ngang luha sa mata  
Táyo'y bibigyang ligaya  
Halina't dumulog sa kanya  
O Inang kaibig-ibig  
Kami ngayo'y lumalapit. Sagot.*

*Ginhawa ang kinakamtan  
Sa kanyang himalang bukal  
Makainom na sino man  
Gumagaling kapagkuwan  
Diyan ay mananamnaman  
Dalisay na katamisan. Sagot.*

*Narito o Inang giliw  
Aba't mahabag sa amin  
Karamdaman ay gamutin  
Kaluluwa'y pagpalain  
O Birhen ng karaingan  
Dinggin yaring karaingan. Sagot.*

### *A.3. Dalít kay San Antonio de Padua*

*SAGOT: Ang dagat ay lumuluha  
Bilanggo ay lumalaya  
Alinmang bagay ang mawala  
Nakikita ng bata at matanda.*

*Kung hanap mo'y himala, iyong masdan  
Nawawaksi kamatayan sa kamalian  
Lumalayo demonyo at kahirapan  
Gumagaling ang maysakit leprahin man. Sagot.*

*Lumalayo ang panganib  
Ang mahirap ay nakatatawid  
Kayong kinalinga ay magsiáwit  
Sa Paduano'y ipagsulit. Sagot.*

*Luwalhati sa Ama, Luwalhati sa Anak, Luwalhati sa Espiritu Santo. Sagot.*

*Ipanalangin mo kami, maluwalhating San Antonio*

*Sagot: Nang kami'y maging dapat magtamo  
Ng mga pangako ni Hesukristo.  
Siya Nawa.*

#### *A.4 Dalít kay San Diego*

*SAGOT: Aba po, Poong San Diego  
Kami po'y idalangin mo.*

*Aba Poong Santong mahal  
Napuspos ng kalinisan  
At lubos na katipunan  
Ng ligaya't kabanalan  
Ang Diyos haring totoo  
Ay inibig kang katoto. Sagot.*

*Nilisan mo at iniwan  
Ang lupang kaginhawahan  
At pinaghanap mong tunay  
Ang langit na kataasan  
Ang damit na inibig mo  
Ay ang saya at abito. Sagot.*

*Kami ay dumadalangin  
At sa iyo'y dumaraing  
Na kami'y iyong ampunin  
Sa masamang sasapitin  
Kaming lahat mong deboto  
Ay dumaraing sa iyo. Sagot.*

*Ikaw ang inaasahan  
Naming deboto mong tanan  
At iba pang dumadalaw  
Na kami'y ipagsanggalang  
Sa dilang paraya't tukso  
Hindi kami mangatalo. Sagot.*

*At ang maraming may damdam  
Sa sakit ay dumaratay  
Kung ikaw ay panaligan  
Ginhawa'y siyang kakamtan  
Ito'y siyang kaloob mo  
Sa napaampon sa iyo. Sagot.*

*Tagarito't ibang bayan  
Na mahihinang katawan  
Ang pagnanasa'y matibay  
Na sa iyo ay pagdalaw  
Nananalig na totoo  
Sa pagkamaawain mo. Sagot.*

*Lingunin kami ng awa  
At tulong mo pong dakila  
Gayundin ang mga dukha  
Mga bulág at salanta  
Pag-ibig ay 'yong ituro  
Kami sa kapuwa tao. Sagot.*

*Pukawin ang aming loob  
Sa mga dukha'y umirog  
Maawa at bigyang-limos  
Para ng iyong pagsunod  
Ng ikaw ay relihyoso  
Sa orden ni San Francisco. Sagot.*

*Nang ikaw nama'y utusan  
Ng pinuno mong naghahalal  
Sa Canariang kapuluan  
Tinupad mong malumanay  
Doon ang mga aral mo  
Napatanyag na totoo. Sagot.*

*Aral mo'y nang matalastas  
Ng kapuluang Canarias  
Marami ang idolatrias  
Ng pawang nagsipabinyag  
Tubig na santo bautismo  
Hiningi ng madlang tao. Sagot.*

*Loob mo'y pinakababa  
Pagsisilbi sa may gawa  
Ituro mo sa 'ming pawa  
At nang maging dapat nawa  
Kami'y tumulad sa iyo  
Ng maawaing mata mo. Sagot.*

*Iadya mo itong bayan  
Sampung debotong tanan  
Sa salot at kamatayan,  
Sa gutom at kasamaan  
Ipagsanggalang sa tukso  
Sa kaaway na demonyo. Sagot.*

*Pag-asa'y nananatili  
Mga obehas mong yari  
Sa awa mo pong parati  
Ng ikaw ay pintakasi  
Sa amin ay ituro  
Nang awa ay matamo. Sagot.*

#### *A.5. Dalit kay San Miguel Arkanghel*

*SAGOT: Maluwalhating arkanghel  
Prinsipe, Santo San Miguel  
Kami po'y iyong ampunin  
Sa masamang sasapitin.*

*Ngalan mo'y walang kahambing  
Maluwalhating San Miguel  
Yari pong sinabi namin  
Sa iyo po'y panalangin*



*Kalingain mo't lingapin  
Kaming mga dumaraing. Sagot.*

*Sa di masabi ng dila  
Santong sa langit nagmula  
Kung sa misteryo'y sagana  
Di masabi ng akala  
Parati mong pagkaawa  
Sa bayang ito'y adhika. Sagot.*

*Yari pong sinabi namin  
Sa iyo po'y panalangin  
Di man dapat ay tanggapin  
Poon kami'y kalingain  
Sidlan ang aming panindim  
Ng awa't saklolong tambing. Sagot.*

*Ani San Juan'y ganito:  
Sinag din ng espada ko  
Ang tanang mga demonyo  
Mangingilag na totoo  
Tanang angeles at santo  
Pintakasi ng Kristiyano. Sagot.*

*Lingapin mo itong bayan  
At kami'y ipagsanggalang  
At huwag mong pabayaan  
Armas mo'y ipanagumpay  
Magdalita't kaawaan  
Kaming obehás mong tanan. Sagot.*

*Kayâ po ang loob namin  
Diyos na poon ay hayin  
Iyong papagindapatin  
Na pangunahing tanggapin  
Santong walang makahambing  
At marangal na kerubin. Sagot.*

*At angeles na tanan  
Siya nating panaligan  
Sa tukso'y ipagsanggalang*

*Ating dilang kaaway  
Sampu pa ng Birheng Mahal  
Siya nawang walang hanggan. Sagot.*

#### *A.6. Dalít ni Poong San Rafael*

*SAGOT:     Aba, Poong malulugdin  
              Poong Santo San Rafael  
              Kaluluwa't búhay namin  
              Kaawaan mo't ampunin.*

*Sa sintang hindi masayod  
Kerubing kalugod-lugod  
Sa grasya'y pinakapuspos  
Ikaw ng poong si Hesus  
Ampon kaming dumudulog  
Arkanghel na maalindog. Sagot.*

*O santong pilit hinirang  
Ng Diyos sa kalangitan  
Kami'y iyong kaawaan  
Idalangin sa Maykapal  
Kaming obehás mong tanan  
Dito sa mundong marawal. Sagot.*

*Ikaw po ang nagpasunod  
Nag-alagang walang tugot  
Pakamahalin mong lubos  
Kaming hamak na alabok  
Ipamagitan mong lubos  
Sa harap ng Poong Diyos. Sagot.*

*Kami'y nagpapasalamat  
Araw-gabi, walang likat  
Ng paghingi ng patawad  
Kasalanang mabibigat  
Ang aming ipatatanggap  
Mga puring walang súkat. Sagot.*

Ang iyong mahal na ngalan  
Pinupuring walang tahanan  
San Rafael na timtaman  
Ilaw nami't paraluman  
Kami ngayo'y kaawaan  
Iadya sa kahirapan. Sagot.

Maawa ka nang maawa  
Awang masakit na lubha  
Yamang ikaw ang may gawa  
O kerubing pinagpala  
Ng Diyos haring dakila. Sagot.

Ikaw ang inaasahan  
Ikaw ang pinanggalingan  
Kami'y iyong kaawaan  
Walang wikang pagsakdalan  
Amin ka ring katibayan  
At magparating man saan. Sagot.

#### A.7. Dalít ni San Roque

SAGOT:   Aba, matibay na moog  
              Ng táong nangangasalat  
              Ampunin mo kami't kupkop  
              Roqueng kapalara'y puspos.

Araw ng ipanganak ka  
Sa katawan mo'y nakita  
Tandang nagpapakilala  
Búhay na sadya  
Sa sikmura'y isang Krus  
Ang ikinintal ng Diyos. Sagot.

Pagkawili mong mataman  
Sa Reyna ng kalangitan  
Tanang adhika mong asal  
Ikaw ang tinutularan  
Bata ka pa'y naghahandog  
Ng pagpapakadayukdok. Sagot.

*Nang ikaw ay maulila  
Binahagi kapagdaka  
Yaman sa dukhang lahat  
Sa ama't ina mo'y mana  
Alab ng sinta ng Diyos  
Ang puso ay nalilipos. Sagot.*

*Nagdamit kang peregrino  
Agua pendiente'y tinungo  
Doon ang natagpuan mo  
Nunuksang salot sa tao  
Kusa kang nakipanggamot  
Nag-alaga sa maysalot. Sagot.*

*Ang salot at mga hirap  
Napapawing agad-agad  
Himalang ito'y naganap  
Sampung bagsik mo pong lahat  
Ang sa ngalan mo'y tumuod  
Gumagaling ang maysalot. Sagot.*

*Ang sambayang Cecena  
Gayundin ang taga-Roma  
Sa iyo'y kinamtan nila  
Isang bayaning pagsinta  
Pagsipot ng salot  
Lubhang kakila-kilabot. Sagot.*

*Lalaki, babae't bata  
Nagsisigaling na pawa  
Ang Krus kung iyong itala  
Sa damit nila'y ilagda  
Anila'y angel na lubos  
Nag-anyong isang busabos. Sagot.*

*Ibinuyo ka ng sinta  
Napasabayang Placencia  
Pinagaling ang lahat na  
At doo'y nagkasakit ka  
Pinaalis ka't binukod  
Dahil sa sakit mong salot. Sagot.*

*At sa tahanan mong dampa  
Diyos ikaw'y kinalinga  
Gumaling ka alipala  
Himalang tantong mistula  
M ay aso na nagdudulot  
Kanin mong ikabubusog. Sagot.*

*Katawan mo'y natitigib  
Ng págod at madlang sakit  
Binilanggo ka't piniit  
Sa bintang at maling isip  
Limang taon mong sinayod  
Hirap na kalunos-lunos. Sagot.*

*Ngunit ang Diyos ay nuli  
Pakanang bala-balaki  
Pagtikim sa iyong budhi  
Lakas kayang di ugali  
Sa bilanggo ay ang bantog  
Namatay kang isang santos. Sagot.*

*Nakita sa isang barlaya  
Nalilimbag, natatala  
Ngalan mo'y pag sinambitla  
Sa salot natitimawa  
Ng di kami mangasalot  
Ngalan mo'y ibinabantog. Sagot.*

#### *A.8. Dalít kay San Vicente Ferrer*

*Kalarang walang kapara  
Ng mga taong lahat na.*

*SAGOT: Vicente, magdalita ka  
Sa Diyos mo ikalara  
Ang hingi namin sa Kanya.*

*Hinulaan ka sa una  
Ni San Juan Evangelista*

*Nang kaniyang ipakita  
Angel na kaliga-ligaya.  
Sa Pathmos tahanan niya  
Ng paglabas mo sa ina. Sagot.*

*Pinanuntan ka ng Diyos  
Ng grasiang mapag-milagros  
Mapag-utos na elementos  
Bukod sa lahat ng Santos.  
At ang sa impiyerno pa  
Ay kinatatakutan ka. Sagot.*

*Siyam ka pang taon lámang  
Muling binigyan mong búhay,  
Isang batang kababayan,  
Tanda rin ng kabagsikan  
Bigay ng Diyos na mahal.  
Ang gawa mong ito pala  
Nahayag kapagkaraka. Sagot.*

*Ama mong si Santo Domingo  
Napakita sa iyo  
Nang nabubuhay ka pa sa mundo  
Larawan ka ngang totoo  
Asal niya't pagka-Santo.  
Halal ka ni Kristong Ama  
Sugo't Predicador Niya. Sagot.*

*Pitong laksa ang Hudiyos  
At sanlaksang mga moros  
Erehes sila'y naubos  
Nagbalik-loob sa Diyos  
Nang iyong aral natalos.  
Wika mong parang espada  
Tumaos sa puso nila. Sagot.*

*Bagaman wika mong dati  
Ipinagsermon parati  
Sa kahariang marami  
Walang di tanto ang sabi  
Para sa wikang sarili.*

*Angel kang kataka-taka  
Sa sangmundo'y sinasamba. Sagot.*

*Isang babaeng nauulol  
Pinatay na walang tutol  
Yaong anak niyang sanggol  
Sa palayok ay idinooon  
Pagsisili't ng malamon.  
At bagama't naluto na  
Binuhay mo kapagdaka. Sagot.*

*Tatlong libong mahigit pa  
Pinakain mo sa una  
Tinapay na labinlima  
Ay nabusog na lahat na  
Bagsik na walang kapara.  
Tanang loob ay nakilala  
Ginoo't mga iba pa. Sagot.*

*Angel ang bansag mong tunay  
Sa 'sang-Salamangkang bayan  
Ng isang patay at bangkay  
Sinaulian mo ng búhay.  
Ang lahat ay nangagitla  
Sa gayong kataka-taka. Sagot.*

*Yaong isa mong larawan  
Nagsermon ng walang tahan  
Labing-limang araw minsan  
Tantong kinamanghaan  
Ng mga erehes na tanan.  
Walang 'di nangagkaiba  
At sa Diyos nagsisamba. Sagot.*

*Nang ang kampana'y tugtugin  
Iyong gawang milagro rin,  
Ang lahat ng masasaktin  
Sabihin at bilangin  
Pawa mong pinagaling.  
Walang di guminhawa  
Sa awa mo sa kanila. Sagot.*

Ang bulág, pipi't bingi man,  
Pilay, lumpo't kalagnatan,  
Hika't nababalian,  
Balang sangkap ng katawan,  
Ginamot at kinaawaan.  
At ang iyong Prelado pa  
Pinagmilagro mo na. Sagot.

Sa buntis na manganganak  
Ang pagtulong mo'y di hamak,  
Ang baog ay nag-aanak  
Dukha'y nawawalang salat  
Sa saklolo mo't paghawak.  
Apat na pung patay na  
Sinaulian mong hininga. Sagot.

Laman ng kanilang tiyan  
Nabuhay at nuli man  
Damhin ang Reliquias lámang  
Katawan mong kasantusan.  
O mahal na Poong Ama  
Tingni ang aking panata. Sagot.

Pinanganganlang kang Santo  
Saan mang bayan sa mundo  
Angel, Profeta't Maestro  
Virgen Apostol ni Kristo  
Kaniyang kasi at katoto.  
At may kapangyarihan ka  
Sa lupa man at sa Gloria. Sagot.

#### A.9. Dalít sa Birhen de los Dolores

SAGOT: Yamang ikaw, Inang mahal  
Nagtiis ng kahirapan  
Kami'y iyong kaawaan  
Sa hapis mo'y alang-alang.



*Sa paglibot kay Hesus  
Ng pagpapasan ng Krus  
Iyong inaalinsunod  
Ang pagsalunga sa bundok  
Mirang kapait-paitan  
Ang sa iyo'y nalalaan. Sagot.*

*Yamang nang maipako na  
Sa Krus ang anak mong sinta  
Tinanghal mo at nakita  
Ang hirap Niyang lahat na  
Puso mo'y pinaglampasan  
Espada ng kasakitan. Sagot.*

*At niyong mamatay na nga  
Ang anak mong sinisinta  
Ay inihalal kang ina  
Ng katauhang lahat na  
Na ang naging punong tunay  
Ay ang apostol San Juan. Sagot.*

*Yamang hindi magkamayaw  
Ang paglait at pagtuyaw  
Kay Hesus anak mong mahal  
Ang puso mo'y nalunusan  
Pakinggan mo, Inang mahal  
Pagtangis nami't pag-uwang. Sagot.*

*Yamang nang maibigay na  
Ang anak mong sinisinta  
Ang kaniyang kaluluwa  
May isang soldado naman  
Dibdib niya'y sinugatan. Sagot.*

*Pakundangan inang mahal  
Sa madla mong kahirapan  
Madre Elena de dolor  
Hace cuando esperemos  
Nuestras entrehinos  
En las manos y del señor. Sagot.*

## A.10. *Dalít ni Santa Catalina*

*Sagot: Santa Catalinang birhen  
Kami'y iyong idalangin.*

*O maluwalhating santa  
Pinuspos ka po ng grasya  
At agad mong nakilala  
Tamang pananampalataya  
At ang mundong sinungaling  
Ay tinalikdan mong tambing. Sagot.*

*Nakita mo sa panaginip  
Si Hesus na poong ibig  
At Ina niyang marikit  
Kasama'y mga angheles  
At sinuutan ng singsing  
Nakita mo pagkagising. Sagot.*

*Dinaig mo at tinalo  
Ang limampung pilosopo  
Pati Haring Maximino  
Ay napahiya sa iyo  
Dunong na sa Diyos galing  
Kayâ walang makasupil. Sagot.*

*Sa malaking kagalitan  
Niyong haring tampalasan  
Na emperador na hunghang  
Ikalabing-isang araw  
Sapagka pinagkaitan  
At gayundin sa inumin  
Ikaw ay di pinatikim. Sagot.*

*Ikaw rin po'y dinaganan  
Ng isang gulong na bakal  
At may patalim pang laan  
Pakong sadyang inilagay  
Ngunit ika'y nanalangin  
Nasira'ng bakal, patalim. Sagot.*

*Sa malaking kapootan  
Ng emperador na hunghang  
Ikaw po'y pinapugutan  
Sa berdugong tampalasan  
At pati na ang coronel  
Na dumalaw sa 'yo sa karsel. Sagot.*

*At nang ikaw po'y mautas  
May himala pang namalas  
Sa sugat ang lumalabas  
Ay di dugo kundi gatas  
Kayâ at maraming hentil  
Ang nagbago ng damdamin. Sagot.*

#### A.11. *Dalit ni Santo Padre Pio*

(Publication in 2005, Parish erected on June 28, 2003.)

*Francesco Forgione ngalang ibinigay (12 syllables)  
Sa 'yo ng 'yong butihing magulang (10)  
Tanging pangarap mo'y ang makapag-aral (12)  
At maging alagad ng Poong Maykapal. (12)*

*Sa mura mong gulang na ika'y sakitin (12)  
Nanatili sa iyo pagkamadasalin (13)  
Di mo alintana anumang gawain (12)  
Itong paglalaro di mo napapansin. (12)*

Refrain:

*Padre Pio, o Padre Pio (9)  
Maraming salamat sa awa't tulong mo. (12)  
Padre Pio, O Padre Pio (9)  
Maraming salamat sa dalangi't paggabay mo. (14)*

*Sa 'yong pagkapari ay nakita sa 'yo (12)  
Ang malasakit at pag-ibig sa kapwa-tao (14)  
Tanang karamdamang idaing sa iyo (12)  
Walang pasubaling pinagagaling mo. (12)*

*Sa 'yong buhay bilang Capuchino (10)  
Banaag ang Amang si Francisco (10)*

*Tapat sa nasà ng Poong Ama* (10)  
*At dalisay na pag-ibig ni Maria.* (12) Refrain.

*Ang makasalanang sa 'yo'y mangumpisal* (12)  
*Tyak magkakamit ng kapatawaran* (11)  
*Walang pagdududang awa ay kakamtan* (12)  
*Pagkat dalangin mo'y makapangyarihan.* (12)

*Sa limampung taong may stigmata ka* (11)  
*Ang hapdi at kirot di mo alintana* (12)  
*Di ka dumadaing, di ka nabalisa* (12)  
*Sa 'ting Panginoon ay nakiramay ka.* (12) Refrain.

Coda:

*Sa iyong pagyao di pa rin natapos* (12)  
*Ang paglilingkod mo sa Panginoong Diyos.* (13)  
*Mga daing namin at mga pagluhog* (12)  
*Batid naming lahat 'yong idinudulog.* (12)

Refrain:

*Padre Pio, o Padre Pio* (9)  
*Maraming salamat sa awa't tulong mo.* (12)  
*Dalangin din namin na maging tulad mo* (12)  
*Matutong umibig tulad ni Kristo.* (11)

## B. AWIT COLLECTION 2010-2012

### B.1. *Áwit sa Kaarawan* (Birthday)

Given by Lolo Marcial Tabi of Barangay Ibabang Palale on 20 December 2010.

<i>Pagpanhik po namin at biglang pagsampa</i>	When we climb and suddenly ascend
<i>Sa hagdanan ninyo, puspos ng ligaya</i>	Your stairs, filled with joy
<i>Ang linis ng sahig, hinayang tuntungan</i>	The cleanness of the floor, a waste to step on
<i>Ng amin pong mga maruruming paa.</i>	By our dirty feet.

<i>Satiyadamiya bunying soberana</i>	For you triumphant sovereign
<i>Kita'y binabati oras na masaya</i>	I am greeting you a happy time
<i>Kita'y binabati oras na maganda</i>	I am greeting you a beautiful hour
<i>Kalakip ang iyong mutyang ama't ina.</i>	Along with your beloved father and mother.

*Sapagkat ngay-on ay iyong kaarawan  
Mahal mong anyaya sa mundo'y pagsilang  
Ang bahay mo Neneng na tinatahanan  
Lupang maligaya na iyong nilakhan.*

Because today is your birthday  
Precious invitation of your birth on earth  
Your house Neneng where you stay  
A happy land where you were raised.

*Madlang halaman mo, nagsisipagsaya  
Sampu ng bulaklak nangiti sa sanga  
Ang bango mo't samyo na kaaya-aya  
Ay nakakaakit sa tuwa't ligaya.*

All your plants are rejoicing  
And all the flowers are smiling on the branches  
Your fragrance and scent that is delightful  
Is enticing joy and happiness.

*Ikaw nga ang rosas na sadyang bumukad  
Pinakamahal na higit sa pilak  
Sa araw at gabi di ibig malingat  
Halos patuntungin sa dalawang palad.*

You are the rose that intentionally bloomed  
Dearly beloved that is more than silver  
In the day and night, not wanting to forget  
Almost asked to step on two palms of the hands.

*Ikaw nga ang rosas bumukad sa tangkay  
Halaman ng puso, pinakamahal  
At ikaw ang siyang gagawing aliwan  
Ng mga nalunod sa dagat ng panglaw.*

You're truly the rose that opened on the branch  
Plant of the heart, dearly beloved  
And you will be made the source of joy  
Of those who drowned in the sea of gloom.

*Aba masanghayang bulaklak ng aliw  
Lingap ng awa mo siyang hintay namin  
Kung ipagkaloob ikaw na may hardin  
Pakaasahan mong ika'y pipitasin.*

Alas delightful flower of joy  
Your merciful concern is what we're awaiting  
If granted, you who have the garden  
Expect that you will surely be picked.

*Sa pagpitas namin hindi susupilin  
Sanga't sampung ugat aming huhukayin  
Sa aming hardinan doon ka dadalhin  
Gagawing aliwan ng puso't panimdim.*

In our picking we will not cut  
The branches and the roots we will dig up  
In our own garden we will bring you  
To be made the source of joy of the heart  
and remedy for profound sorrow.

### B.2.1. *Áwit-Palasintáhan/Ligawán* (Courtship 1)

Given by Lolo Marcial Tabi of Barangay Ibabang Palale on 20 December 2010.

*Ikaw na sa aking puso ay gumapi  
Na hindi na kita malimot sa isip  
Maatim ko kaya bagang di ihibik  
Sa iyo ang aking dusang tinitiiis?*

You who have conquered my heart  
That I can't get you out of my mind anymore  
Can I take not to lament  
To you the sorrow that I am bearing?

<i>Pinaglabay kita upang maidaing Ang di na makayang hirap sa paggiliw Yaong sinabi mong pag-isip-isipin Magpahangga ngay-o'y taglay sa panimdim.</i>	I travelled to you to be able to pour out The unbearable pain of loving Your mentioned message to think fully well Until now is carried with profound sorrow.
<i>Di mamakailang bugsô ang nagdaan Sa aking sarili dinudulang-dulang Na ang pagsinta ko ay iwaksi ko man Ang itinuro'y ikaw rin at ikaw.</i>	Not just a few gusts have passed Inside me I have wrestled That my love, even if I toss it away Points to you and you alone.
<i>Ano pa at walang naaksayang oras Na di ang isip ko'y nasa iyong lahat Kayâ sa loob ko'y di na makakatkat Na ikaw ang siyang ligaya ng palad.</i>	What else but no time was wasted That my mind is all upon you So inside me it will never be removed That you are the joy of the palm of my hand.
<i>Patdin ko na't yamang batid mo nang labis Ang nilalamay kong hirap sa pag-ibig Mayamang awa mo huwag ipagkait Sa may pitang lunas na ikabibihis.</i>	I will stop now since you know very well My sleepless hardship in loving Your abundant mercy do not restraint To the one wishing remedy for redress.
<i>Ito'y tanggapin mo, handog na pagsinta At panahong ukol nama'y maawa ka.</i>	Please accept this, an offering of love And at opportune time, take pity.

### B.2.2. *Áwit-Palasintáhan/Ligawán* (Courtship 2)

Provided by Dr. Hilarion T. Salvaña at their residence at the poblacion, 26-27 October 2010. These collections came from a notebook of his late father-in-law, Arcadio C. Tolentino, Sr., former supervisor of Quezon Province NAWASA, who died in 1977.

<i>Halimbawa kayâ't ang tangan ko'y lason Na nasa botelyang mabagsik na Lysol Kung pag-aakalang inumin ko yaon Tulutan mo kayang aking ipatuloy?</i>	If for example what I am holding is poison Contained in a bottle, highly toxic Lysol If I try to drink that Will you let me go on?
<i>Halimbawa kayâ't yaring aking hawak Na nakikita mong punyal na matalas Dini sa dibdib ko'y aking itatarak Salagin mo kayâ't magdala kang habag?</i>	If for example this that I am holding That you see is a sharp dagger/lancet Here in my chest I will stab/pierce into Will you shield me and will you take pity?
<i>Halimbawa kayâ't ikaw ay gusali Na napakaganda't magaling ang yari</i>	If for example you are an edifice That is so beautiful and made excellently

*Ako nama'y isang pulubing nasawi  
Makapanuluyan kayang sumandali?*

While I am a pauper who met a misfortune  
May I take shelter in even for a while?

*Halimbawa kayâ't mabango kang hasmin  
Paruparo akong tinatakipsilim  
Mangyayari kayang sa mahal mong hardin  
Magpahi-pahinga upang umagahin?*

If for example you are a fragrant jasmine  
I am a twilight-caught-up butterfly  
Will it happen that in your dear garden  
I will rest to wait for the next morning?

*Halimbawa kayang sa duyan ng lugod  
Áwitan 'tang muli ng lumang pag-irog  
Hindi naman kayâ dalawin ng lungkot  
Ang bago mo ngay-ong aliwan ng loob?*

If for example in the hammock of joy  
I will sing to you again of an old love  
Will sadness not visit  
Your current source of new joy?

*Halimbawa kaya't ang iyong paggiliw  
Na nalalanta na'y muling sariwain  
Diligin ng suyô hibik ng damdamin  
Ako kayâ'y iyong paligayahin din?*

If for example that your love  
That is wilting will be made fresh anew  
Will be watered with loving and laments  
Will you make me happy too?

*Halimbawa kayâ't halimbawa lámang  
Na táyong dalawa'y muling magmahalan  
Sa masuyong tamis ng ating lambingan  
Napapahalakhak pati ang batisan.*

If for example, for example only  
That we two will fall in love again  
In the loving sweetness of our romance  
Even the brooks are laughing.

*Babae:  
Ang búhay ng tao may guhit na tandâ  
Di mo man hintayin darating na kusâ  
Ikaw sa búhay mo'y kumbaga nagsawâ  
Magpakamatay ka't walang sasansalâ.*

Woman:  
Man's life has a line that marks  
Even if you don't wait, it will naturally come  
You in your life as if you became bored  
Kill yourself and nobody will prevent it.

*Ang lahat ng iyong mga hilingbawâ  
Mayroong magaling, mayron ding masamá  
Kumbaga sa isang bibiniting panâ  
Di pa binibitiwa'y alam na ang tamâ.*

All of your request-examples  
There are good ones, there are also bad ones  
Compared to an arrow to be shot from a bow  
Unreleased, yet the intended target is known.

*Lalaki:  
Sa pita ng aking pusong batang-batâ  
Ay may larawan kang lubhang masanghaya  
Na sinusunod ko ng buong paghangâ  
Na di nagmamaliw suk dang mapayapâ*

Man:  
In the wish of my heart that is so young  
You have a very delightful picture  
That I follow with full appreciation  
That does not vanish until am laid in peace.

*Mesa ka sa aking nagtampong panitik  
Na kung kayâ lámang ako'y nanumbalik  
Ay nang mamasdan ko ang ganda mo't dikit  
Na sa aking puso'y kusang napaukit.*

You are the table in my offended literature  
That the only reason why I came back  
Is when I saw your beauty and charm  
That in my heart is voluntarily etched.

*Kunsabagay sana'y hindi ako kawal  
Ng Haring Balagtas kung pag-uusapan  
Ay nang makita ko ang iyong karikitan  
Tulog kong damdamin ay agad napukaw.*

Anyway I wish that I am not a soldier  
Of King Balagtas if it will be talked about  
But when I saw your beauty  
My sleeping feeling was at once awoken.

*Ngayon binibini ako'y magtatapat  
Huwag magagalit sa ipangungusap  
Iniibig kita dapat mong matatap  
Oo mula ngayon at hanggang sa wakas.*

Now lady I will honestly tell you  
Do not get angry on what I will say  
I love you, you have to understand  
Yes from now on till the end of time.

*Nang ipahayag kong ikaw ang bathalâ  
Nitong aking pusong sakmal ng dâlitâ  
Ano ba ang sanhi't nanlaglag ang luhâ  
Mula sa mata mong kawangis ng talâ?*

When I declared that you are the god  
Of my heart that's furiously bitten by sorrow  
What was the cause that your tears fell down  
From your starlike eyes?

*Naging subyang бага sa iyong damdamin  
Nang ipahayag kong mahal ka sa akin?  
Alinlangan ka ba at bakâ magtaksil  
Akong sumusumpa na iyong alipin?*

Did it become a sliver to your feeling  
When I declared that you are dear to me?  
Are you in doubt that I might betray  
I, your slave, who is promising/pledging?

### B.3. *Áwit sa Pamamáysan sa Dalága* (Asking for the Lady's Hand in Marriage)

Given by Lolo Marcial Tabi of Barangay Ibabáng Palále on 20 December 2010.

*O sakdal ng dilag na aming dinulog  
Kinagigiliwang ama't inang irog  
Tumatawag kami sa ngalan ng Diyos  
Lakip ang pitagan naming naghahandog.*

O most beautiful lady whom we approach  
Beloved father and mother dear  
We are calling in the name of God  
Coupled with our, the offerors,' respect.

*Kahimanawari ang Diyos na ibig  
Na lumalang nitong buong sandaigdig  
Siyang umalalay sa aming pagpanhik  
Sa hagdanan mo pong sakdalan ng linis.*

We wish that our dear God  
Who created this whole world  
Will be the One to help us in our ascend  
To your immaculately clean stairs.

*Unang bati ko po, maybahay na ama  
Dios ng magandang gab-i ay bigyan ka*

My initial greeting, father of the house  
God of good evening grant you



*Maybahay na ama na kagiliw-giliw  
Nasà n'yaring puso sa iyo'y sabihin.*

*Pagparito nami'y walang nagdadala  
Turan ko sa iyo nang maniwala ka  
Kami'y inilipad bagwis n'yaring sinta  
Parito raw kami, dito'y may sampaga.*

*Aba masanghayang bulaklak ng aliw  
Lingap ng awa mo siyang hintay namin  
Ako'y inutusan ng prinsipe namin  
Kinataw-an niyang sa iyo'y magturing.*

*Ang sabi'y dinggin mo, mahal na prinsesa  
At sasabihin ko ang biling lahat na  
Dito raw ay mayro'ng iisang sampaga  
Ang pamumukadkad ay kaaya-aya.*

*Pinaglilingkuran ng maraming ibon  
Madlang sari-sari, iba't ibang kolor  
Nguni at ang aming ninanasa ngay-on  
Ay paglilingkuran ka sa habang panahon.*

*Masitas na ito ang nakakabakod  
Ay pitong bulaklak na kalugod-lugod  
Si Mariang Birhen, una kong nasambit  
Nitong pagdulog ko, sa iyo'y paglapit.*

*Dala ko'y de-bino, bulaklak ng langit  
Inumin mo raw pong maluwa sa dibdib  
Agad iniabot doon sa dalaga  
'Tanggapin mo raw po,' anang Diyos Ama.*

*Maging laso't apdo, bahala'y ikaw na  
Lunas-kagamutan, nariya't kasama  
Kayong mga ibon na nagliliparan  
Munti at malaki, langit ang tahanan.  
Magsibaba kayo't inyong alalayan  
Magandang dalaga, iinom ng tagay!*

Father owner of the house, dearest  
The wish of this heart to tell you.

Our coming over here, nobody is carrying  
I will speak to you so that you will believe  
We were flown by the wings of love  
We have to come over, here's a champaca.

Alas delightful flower of joy  
Your merciful concern is what we're awaiting  
I was ordered by our prince  
His representative to speak to you.

Please hear what he said, dear princess  
And I will tell all his orders  
'Tis said that here is an only champaca  
The flowering bloom is delightful.

Being served by a lot of birds  
Of a great variety, of different colors  
But what we desire now  
Is to serve you all throughout time.

Masitas plants that serve as fencing  
Are seven flowers that gives merriment  
The Virgin Mary, I have first spoken of  
In my coming over, in approaching you.

Am bringing something wine, heaven's flower  
For you to drink with a roomy chest  
At once handed to the lady  
'Please accept,' said God the Father.

Even if it is poison and gall, 'tis up to you  
Remedy and medication, therein included  
You birds that are flying  
Little or big, sky is your home.  
You come down and assist  
A beautiful lady, will now drink the wine!

B.4. *Áwit Para sa Magúlang ng Dalága* (For the Parents of the Lady)

Recalled by Lolo Mario Cabriga of Barangay Silángang Palále on 03 December 2010 and told to and written by Lolo Marcial Tabi.

*Maybahay na ama katulad ko ngay-on  
Ng pananalangin sa Diyos na Poon  
Sa bundok ng Sinai nang sila'y paroon  
Ang ipinagsama ay tatlong apostol.*

Homeowner father, am likened now  
To praying to the Lord God  
In Mount Sinai when they went there  
They were accompanied by three apostles.

*Nang sila'y dumating sa gitna ng puerta  
Ang tatlong apostol iniwanan nila.  
At pinagbilinan ang isa at isa  
Huwag matutulog kayong para-para.*

When they reached the door's center  
They left behind the three apostles  
And they reminded one another  
Not to sleep tightly.

*At kayo sa akin ay mangagsitulog  
Ng pananalangin at pag-oorasyon.  
Sa masamang gawa nang hindi matuloy  
At sa D'yos Ama tayo ay paampon.*

And you should help me  
In praying and saying the *oracion*  
That evil doings will not push through  
And to God the Father we be taken care.

*Ang pananalangin ano'y nang matapos  
Anang isa't isa wikang orientasyon.  
Arkanghel San Gabriel tinawag ng Diyos  
At pinagbilinang sa lupa'y manaog.*

The praying, alas, when done  
By each one, as to orientation  
Archangel Saint Gabriel was called by God  
And was ordered to go down to earth.

*Nanaog sa lupa Arkanghel San Gabriel  
Na sugo ng Diyos na sa langit galing  
Sa paglipad niya, sabihin ang tuling  
Sa harap ni Kristo ay doon tumigil.*

Archangel Saint Gabriel went down to earth  
Sent by God from the heavens  
In his flight, talk about the swiftness  
In front of the Christ, there he stopped.

*Ang tangan sa kamay ay kalis at krus  
Sa harap ni Kristo'y tabing nanikluhod.  
Ito po'y padala sa iyo at handog  
Sakâ may bilin pa itong Amang Diyos.*

Holding in his hand the chalice and the cross  
In front of the Christ, he respectfully knelt.  
This is handcarried for you and a gift  
And God the Father still has a reminder.

*Ang sa Diyos Ama na bilin sa akin  
Hesus tanggapin Mo ang kalis kong hayin  
Táong nása sala'y Iyong patawarin  
At tub'sin Mo na po sa pagkaalipin.*

The order given to me by God the Father  
Jesus please accept the chalice I offer  
Please forgive those men who are in sin  
And save them from their slavery.

### B.5. *Áwit-Áral sa Babaeng Kinákasal* (Advices to the Bride)

Given by Lolo Marcial Tabi of Barangay Ibabáng Palále on 20 December 2010.

*Giliw na kasuyo sandaling limutin  
Nasà'y ipatanto ang nása panimdim  
Kahit sa puso mo'y masaklap anakin  
Bilang pahimakas pagsasama natin.*

Dearly beloved forget for a while  
Let your sorrowing feeling be known  
Even if in your heart it is painful  
As a farewell from our togetherness.

*Samantalahin mo'y ang mga pagtanaw  
Sa pisngi at mukha ng ina mong hirang  
Ngayo'y sumapit na itinakdang araw  
Mawawalay ka na sa iyong magulang.*

Savor while they last, the gazes  
To your beloved mother's cheeks and face  
The appointed day has now come  
You will now be separated from your parents.

*Ang sasamahan mo'y di mo ama't ina  
Di mo naman pinsan, bagong kakilala  
Iyong susuyuin nang tapat na sinta  
Hanggap sa malagot ang tanging hininga.*

You'll go with neither your father nor mother  
Not even your cousin, a new acquaintance  
You will woo him with honest love  
Until your only breath is severed.

*Araw mo'y tapos na sa kadalagahan  
At haharap ka na'y sa katahimikan  
Kusang lilisanin ang lahat ng bagay  
Dahil sa asawang dapat panimbangan.*

Your days of maidenhood are through  
And you will now face peacefulness  
Voluntarily will leave all the things  
Because of the husband whom you should  
be weighing your actions.

*Sa araw at gabi magsasama kayo  
Ang pagmamahala'y walang pagbabago  
Ang dáting pagtingin sa ama't ina mo  
Higit sa sarili na daragdagan mo.*

All days and night you will be together  
With unchanging love for each other  
The old concern for your father and mother  
More than to yourself, you have to augment.

*Ubus-ubusin na'y ang mga pag-angal  
Sa ama't ina mong labis kang minahal  
At sa kapatid mong iyong maiiwan  
At sasama ka na'y sa asawang hirang.*

Consume now all your tantrums  
To your father and mother who loved you more  
And to your siblings whom you'll leave behind  
And you will live with your chosen man.

*Guni-gunihin ma'y di maghapon lamang  
Na kakasamahin, kundi habang-búhay  
Haharapin mo na ang kaginhawahan  
Iniwang ligaya sa kadalagahan.*

Even if imagined, it will not just be for a day  
That you will live together, but for a lifetime  
You will now face stableness  
Maidenhood's joy is what you left.

*Kung magkaanak na, narito ang hirap  
Bukod sa babat'hing kapagura't púyat*

When you bear a child, suffering here comes  
Aside from the weariness and sleepless nights

*Mura ng asawa't sa batang pag-iyak  
Sabay titiisin ng nasabing palad.*

Scolding from husband and the child's cries  
Will be both suffered by your fate.

*Ito na ang iyak, pagtangis at lumbay  
Luhang di maampat ng panyo sa kamay  
Kayâ kasuyo ko'y bahala na'y ikaw  
Lalong mag-isip ka, kagaling-galingan.*

Here comes the cries, wails and sorrow  
Unarrested tears by the kerchief on hand  
So my dear this is all up to you  
Think even more, be wiser.

*Adios, adios, Neneng na kasuyong giliw  
Ang kadalagaha'y iyong lilisanin  
At ikaw, babae, ilaw ng tahanan  
Ng isang asawa sakâ pamahayan.*

Farewell, farewell, Neneng, my dearest  
Maidenhood you will leave behind  
And you, woman, light of the home  
Of one husband and household.

*Ako'y paalam na't ako'y aalis na A  
Sikât na ang araw, ako'y tanghali na  
Pagdating sa amin, ako'y maglalaba.  
Agos pa ng tubig kaiga-igaya.*

am saying goodbye now, am leaving now  
The sun is high up, am late already  
When I reach our place, I will wash clothes  
The flow of the water is very delightful.

*At itong paglibot nama'y aking lisan  
Ang sasabihin ko'y ang pamamaalam  
Sakâ kung matapos, umuli na naman  
Sa loob ng templo, mahal na simbahan.*

And this ambling around, am leaving behind  
Am speaking of bidding farewell  
And if after 'tis finished, it repeats once more  
Inside the temple, beloved church.

### B.6. *Áwit-Áral sa Lalaking Kinakasal (Advices to the Groom)*

Recalled and handwritten by Marta Trinidad-Zeta of Barangay Gibánga and recorded on 27 December 2010.

*Mga maginoong dito'y napipisan  
Sa lipunang ito'y bilang pamparangal  
Ako po'y babati ng puspos na galang  
Tuloy humihingi ng katahimikan.*

Gentlemen who are gathered here  
Who render honor to this society  
I will greet you with full respect  
And hereupon asking for silence.

*Upang ang tungkuling sa aki'y importa  
Ang magmanukala ng ganitong sayá  
Matupad ko ngay-o't mabigyang-halaga  
Sa abot ng aking maralitang káya.*

So that the duty of my import  
The management of a celebration like this  
I will fulfill today and give significance  
To the best of my humble ability.

*Pagkat ito'y oras na katangi-tangi  
Sa dalawang puso, ngay-o'y 'pinagtalì*

Because this is a opportune time  
For the two hearts, now bound

*Dapat ipagsaya, tuloy ipagbunyi  
Handugan ng isang maligayang bati.*

Must be rejoiced, herein celebrated  
To be offered one happy greeting.

*Yamang sa dambana ng pagkakasundô  
Iyong pinagbuhol ang hibla ng suyo  
Iyang isang tali ng sumpa't pangakô  
Kamatayan lámang ang nakakasugpô.*

Since at the altar of agreement  
You tied the thread of love  
This sole knot of pledge and promise  
Only death could sever.

*Kapuwa sa inyo ang ligaya't tuwâ  
Ang kaligayahang pawang talinghagâ  
Sa lambing ng palad sa asawang mutyâ  
Siyang tanging tinig na mauunawâ.*

To you both are the happiness and joy  
The all metaphorical blissfulness  
In the palm-sweetness to dear better-half  
The only voice who understands.

*At dahilán dito'y iyong pagdamutin  
Ang isasaysay kong ilang tagubilin  
Kahimanawari kung inyong tuparin  
Isang maligayang búhay ang sapitin.*

And because of this, please take heed  
Some reminders that I will speak of  
Wish, if you will follow,  
You will have a happy life.

*At sa matrimonyong katutubong dangal  
Magaang pasanin kung pagtutulungán  
Ngunit wala namang kabigat-bigatan  
Kung sakali't hindi magdidinamayan.*

And to matrimony's inherent honor  
'Tis light burden when worked together  
But there is really nothing so heavy  
Had it not been not helping each other.

*Ngunit tungkulin nga ng isang lalaki  
Dapat na magmahal sa asawang kasi  
Sundi't talimahin sa gawang mabuti  
Sa mata ng tao'y ipagkakapuri.*

But it is truly the duty of the man  
That he must love his dear wife  
To follow and take heed the good deeds  
Worthy of praise in the people's eyes.

*Sa dáko pa roon binata pa kayo  
Nagpapakagumon sa maraming bisyo  
Mula-mula ngay-o'y pangingilagan mo  
Nang kayo ay huwag malimit magtalo.*

Far before when you were still single  
You were buried deep in many vices  
From now on you have to evade them  
So that you will not quarrel frequently.

*Sakâ bukod dito'y kinakailangan  
Sa isang lalaki'y maghahanapbúhay  
Ang gugol sa mga walang kabuluhan  
Tatalikdan mo na't magtipid ang bagay.*

And aside from this, there is a need  
For a man to have a gainful work  
The expenses for unnecessaries  
You have to turn your back against and be thrifty instead.

*Ikaw nga ang bisig ng iyong asawa  
Ang mga bunso mo'y sa iyo aasa*

You are indeed the arm of your wife  
Your youngs will depend upon you

*Kung di ka mag-impok at matugagas ka  
Marahil ay di ka bibigyan ng iba.*

If you won't save and be a spendthrift  
Others might not provide for you.

*Dating kasabiha'y pag walang 'sinuksok  
Ay wala rin namang sukat madudukot.  
Galing ng may simpang kahit kakarampot  
At may gugugulin pagdating ng signos.*

Old saying goes, if there's nothing tucked aside  
There's also nothing to be drawn up  
'Tis good to have some savings even just a little  
There'll be something to spend during bad times.

*Kayâ nga bago ka manaog ng bahay  
Ihanda ang mga kinakailangan  
At huwag hihingi ng ano mang bagay  
Na sa asawa mo'y walang iniwanan.*

So before you go down the house  
Prepare everything you need  
And do not ask for anything  
That you didn't leave with your wife.

*Isa pang gawaing pagkamalibangin  
Sa mga sabungan, sugal ay limutin  
Pagkat itong bisyo kung di mo limutin  
Asawa't anak mo'y tatangis sa lihim.*

Another vice that diverts your attention  
In cockfights, forget your gambling  
Because these vices if you will not forget  
Your wife and children will wail in secret.

*Huwag kang tutulad sa ibang lalaki  
Ang pinupuhuna'y hanap ng babae  
At kung darating ka sa inyong sarili  
Ikaw pa ang siyang nag-aasal tigre.*

Do not imitate those other men  
Who capitalize on the earnings of the wife  
And when you reach home  
It is even you who act like a tiger.

*Kung mahirati kang uminom ng alak  
At sakâ may bisyo, susugal, bibilyar  
Lilimutin mo rin ang asawa't anak  
Na siya mong dangal sa dusa't bagabag.*

If you become accustomed to drinking  
Have vices, will gamble, play billiards  
You'll also forget your wife and children  
Who are your honor in suffering and anxiety.

*Hanggang dito na po't niloloob naming  
Pagsasama ninyo'y maging mapayapa,  
Maligtas sa madlang kahirapa't sakit  
Na handog ng mundong mapagmalikmata.*

Until here and we pray that  
Your togetherness will be peaceful,  
Be safe from all sufferings and pains  
That the delusory world offers.

### B.7. *Áwit sa Kasálan* (Wedding)

Given by Lolo Marcial Tabi of Barangay Ibabáng Palále on 20, December 2010.

*Araw mo'y natapos sa kadalagahan  
At ang tutunguhin ay katahimikan  
Pawang lilisanin ang lahat ng bagay  
Dahil sa asawang tapat kung magmahal.*

Your maidenhood days are through  
And you will be treading the stable state  
You will leave behind all things  
Because of the husband who loves honestly.

*Tanang kasayahan iyong lilisanin  
Dáting kaibigan tuloy lilimutin  
Bawat ikikilos isiping magaling  
Nang hindi masawi sa asawang giliw.*

*Buksi ang bibig mo korales na hiyas  
At sa kapatid mo ay makipag-usap  
Pahid iyang luha sa mata'y nanatak  
Ako'y sagutin mo sa tinawag-tawag.*

*Ikaw aming bunso yayamang sumapit  
At mawawalay ka sa aming tangkilik  
Iyong tatandaan, itanim sa dibdib  
Ang sasabihin ko, o bunso kong ibig.*

*Magmula nang ikaw sa mundo'y iluwal  
At iyong makita ang kaliwanagan  
Ama't ina ninyo ipinagminsanan  
Sa inyo ang kan'lang buong pagmamahal.*

*Walang oras na di ang pagkakandili  
Ang siyang ginawa ng ina mong kasi  
At hindi dinamdang ang pagkaduhagi  
Hanggang ikaw bunso kanyang mapalaki.*

*Ngayo'y sumapit na ang tadhanang oras  
Kung datnin mo, bunso, sapitin ng palad  
Iba na sa dati at di mo talastas  
Ang sasapitin mo, kung tuwa o hirap.*

*Ang kaligayaha'y iyong tatamuhin  
Kung ika'y matuto sa asawang giliw  
Subalit kung hindi, kulangin sa lining  
Kahirapa'y iyong kakaulayawin.*

*Magtiis ng lumbay, o bunso kong ibig  
At iyang luha mo sa mata ay pahid  
Diwa'y talaga na ng Diyos sa langit  
Ariing ligaya, kurdiyál sa dibdib.*

You will leave behind all merriments  
And eventually forget old friends  
Think wisely of every movement.  
So that you won't fail your dear half.

Open your mouth coral jewel  
And with your sibling communicate  
Wipe the tears falling from your eyes  
Answer me, my calls.

You, our youngest, while you have arrived  
And you will be separated from our care  
Remember, keep in your breast  
What I have to say, o dear youngest.

Since you were on earth born  
And you saw the light of day  
Your father and mother pour out all  
To you their undivided love.

There was no time that not just the caring  
Was done by your beloved mother  
And she didn't mind the abuse  
Till you youngest she was able to raise up.

Now the fateful time has come  
When you reach, youngest, destined fortune  
Different from the old and you know not  
What awaits you, whether joy or suffering.

Happiness you will reap  
If you'll learn from your dear half  
But if not, lack in meditative thinking  
You will court suffering.

Suffer great sorrow, o dear youngest  
And wipe the tears from your eyes  
The spirit is the heavenly God's will  
Accept happily, cordially to your chest.

*Itingin Mo, Poon, mata Mong diamante  
Ang bibig Mong martel, bakit di magsabi?  
Kung ako ay sala, bigyan mo ng sisi  
Katawa'y talaga at di tumatanggi.*

Look, Lord, with Your diamond eyes  
Your martial mouth, why not speak?  
If I am wrong, put the blame on me  
My body is resigned and not resisting.

### B.8. *Kurtisya* (Courtesy)

Given by Dr. Hilarion "Lolon" T. Salvaña at their residence in Malaking Báyan on 26-27 October 2010. These collections came from a notebook of his late father-in-law, Arcadio C. Tolentino, Sr., former supervisor of Quezon Province NAWASA, who died in 1977.

*Pinangahasan kong ikaw ay batiin  
Gintong alaala sa puso'y nanggaling  
Tulad ng halamang nasà ko'y diligin  
Nang huwag malanta puso sa paggiliw.*

I courageously attempted to greet you  
A golden memory coming from the heart  
Like a plant that I wish to water  
So as not to wither, the heart in loving.

*At magtapat ka rin kung may ligaya pa  
Tanging mahihintay ng aking pag-asa  
At kung wala nama'y sabihin mo sana  
At ihanda mo na ang hukay ng dusa.*

And tell me honestly if there is still joy  
The only thing to be waited by my hope  
And if there's nothing please say so  
And do prepare the grave of grief.

*Aywan ko kung bakit ako'y nagtataka  
At yaring puso ko'y kalaro ng dusa  
Ngayong makita ka'y dagling lumigaya  
Pagkat kayo pala'y bathala ng ganda.*

I do not know why, am wondering  
Why my heart is a playmate of grief  
When I saw you, am overjoyed at once  
Because you're indeed a goddess of beauty.

*Paruparo akong kinulang sa palad  
Sa dagok ng dusa'y di makapagaspas  
Ngunit ang pag-asa'y hindi kumukupas  
Pagkat dinidilig ng ganda mong ingat.*

Am a butterfly who is lacking in fortune  
At sorrow's strike, I cannot flap my wings  
But hope never fades because  
It is being watered by your cared beauty.

*Naririto akong kalong ng hinagpis  
Alipin ng madlang mga pagtitiis  
Kulang sa aruga ng iyong tangkilik  
Kayâ't ang ligaya'y pumanaw sa dibdib.*

I am here sitting on the lap of sorrow  
A slave of all the sufferings  
Wanting in care of your support  
So happiness perished in my breast.

*Gayon ma'y tanggapin ng iyong karikitan  
Na siya kong handog sa iyong kalakhan  
Gintong alaalang dala'y pagmamahal  
Bagong kakilala sa hardin ng búhay.*

Despite that, your beauty, please accept  
My offering to your magnanimity  
Golden memory, bearing love  
A new acquaintance in the garden of life.



O Aling Polana ako'y pautangin  
Ng kaunting áwit, sayaw ay gayundin  
Ipanghanggang dito, patdin ko ang hibik  
Yamang talos mo na ang laman ng dibdib.

Sagutin mo lámang itong nahahapis  
Na kung makakamta'y tuwa at pag-ibig

Lalaki:

Salamat sa iyong ugaling timtiman  
Mapagbigay-loob kung hinihilingan  
Hinggil sa magaling at ikatatanghal  
Ng puri ng lahat, ay sunud-sunuran.

Pakidamputin mo ang mga tagayan  
Alak na pandilig sa pusong may lumbay  
Mga panauhin ay iyong alayan  
Upang magsisigla mga kalooban.

Babae:

Kami'y susunod na't aming ibibigay  
Sa mga ginoong sa ati'y dumalaw  
Ang alak na katas ng sasang halaman  
Nagbibigay-lugod sa pusong may lumbay.

Narito na nga po, mga maginoo  
Tagay na talagang laan po sa inyo  
Tanggapit inumin nang upang magbago  
Inyong pakiramdam sa oras na ito.

At kung mainom na kayo'y giginhawa  
Mga paninimdim ay mawawala na  
Sakali mang kayo'y nagsisipangamba  
Agad titiwasay loob ninyong bakla.

Lalaki:

Huwag naman kayong agad maalis-is  
Magbigay ng tagay, bakit masigasig?  
Gawa ninyong iyan ay hindi matuwid  
Sa wikang sisihan ay lihis na lihis.

O Madame Polana, please lend me  
Some songs, dances just the same  
Until here, am cutting the lament  
As you already know my breast's content.

Just answer this person in sorrow  
Will give joy and love.

Man:

Thanks to you modest character  
Abiding when being requested  
Regarding the good and worthy of praise  
Of the praise of all, is obedient.

Please pick up the spirited drink glasses  
Wine used to pour on a gravely sad heart  
To the visitors make an offering  
To enliven their feeling within.

Woman:

We will now obey and we will give  
To the gentlemen who visited us  
The wine that is the sap of the palm plant  
Giving pleasure to a saddened heart.

It is here now, dear gentlemen  
Tágay that is really intended for you  
Accept and drink to be able to change  
Your feelings at this time.

When you have drunk, you will feel better  
Your anxieties will readily vanish  
In case you are doubting  
Unsettled feeling will stabilize soon.

Man:

Please don't be fretfully irritated at once  
To give tágay, why so persistent?  
That work of yours is not proper  
In words of blaming, is so inappropriate.

*Sandaling pakinggan, aking isasaysay  
Tila di marapat ganyang pag-alalay  
Sapagkat ang tagay ay bago ibigay  
Kailangan munang ikaw ay sumayaw.*

*Babae:*

*Ako nama'y iyong ibig paghanapan  
Bagay na di lubhang kinakailangan  
At bukod sa rito'y wala akong alam  
Upang isagawa ang wikang pagsayaw.*

*Maanong huwag nang ipilit sa akin  
Sinabing pagsayaw ipagpaumanhin  
Tanggapin na ninyo't walang hahanapin  
At ako ay musmos, ano ang gagawin?*

*Lalaki:*

*Samantalang kayo ay nagpapautang  
Lubos-lubusin na nang walang ligamgam  
Kung talastas naming kayo'y walang alam  
Di na mangangahas kayo'y paghanápan.*

*Ngunit isasaan at kailan pa ngâ  
Ipakikilala alam ninyong madlâ  
Sa gawang pagsayaw, sinuma'y hahangâ  
Tikis lámang kayo ay nangangahiyâ.*

*Babae:*

*Ano man ang aking gawing katuwiran  
Hahanggang pagsunod ang kauuwian  
Kayâ't ang mabuti'y mag-utay-utay nang  
Aking isagawa't nababalam lámang.*

*Baka naman kami'y kung nakasayaw na  
Matapos maganap lahat ninyong pita  
Di pa tatanggapin at bibitiwan pa  
Iba't ibang utos di na makakaya.*

*O mamang ginoo naming minamahal  
Tanggap inyong kuha itong inyong tagay*

Listen for a while to what I will relate  
Seemingly unworthy is that kind of offering  
Because the *tágay* before it is handed  
You need to dance first.

Woman:

You only want to find fault in me  
A thing that is really not much needed  
And aside from this, I know nothing  
To put to work the said dancing.

May it not be insisted unto me  
That said dancing, may I be excused  
Accept now, there's nothing to look for  
And I am young, what shall I do?

Man:

While you are letting us lend  
Do it to the fullest without lukewarmness  
If we know that you know nothing  
We will not attempt to find fault in you.

But really, where else and how else  
Will you introduce what you all know  
In dance work, anybody will be awed  
Had you not been so shy.

Woman:

Whatever reasoning or retorting I do  
Will only result to/arrive at obeying  
So it is good to slowly  
Perform it, this is just delaying.

It might be that if we finish the dance  
After all your wishes have transpired  
Will still not accept and will still not hold it  
Various orders, cannot anymore follow.

Gentleman whom we love  
Accept, please get this your *tágay*

*Pagkakaganito'y alang-alang lamang  
Sa inyong mapuring mga kalagayan.*

*Lalaki:*

*Kayo nama'y huwag magkakawikaan  
Ako'y tututol pa at may ibig lamang  
Mapagkita naming ang kadalisan  
Ng lakad ng ating mga kasayahan.*

*May lalong marikit na kahanga-hangâ  
Na hindi pa ninyo naisasagawâ  
Tâgay ay sunungin sa harap ng madlâ  
At muling sumayaw na walang bahalâ.*

*Katulad ng lagi naming namamasdan  
Na sa pagsusunong niyang inyong tagay  
Tuloy ang pagsayaw at ang mga kamay  
Ay wala nang tigil ng pakunday-kunday.*

*Babae:*

*Ang ugali ninyo ay lubhang kakatwâ  
Ang nakakatulad yaong mga batâ  
Pag sinusunod na ay lubhang utitâ  
Mga hinihingi'y ang 'di magagawâ.*

*Kayâ ang malimit, siyang karaniwan  
Na dapat mangyari sa hinihilingan  
Ay wala nang sukat magawa't ibigay  
Tumampo't magalit, magkalutas lámang.*

*Lalaki:*

*Huwag naman kayong kapapanibulos  
At ang nais nami'y matuwâ nang lubos  
Pakiusap nami'y itakwil sa loob  
Ang maling akala at huwag mapoot.*

*Ay sapagkat kayo'y hayag na maalam  
Bakit magkakait, sa anong dahilan?  
At kung ibig ninyong kayo ay matanghal  
Oras na nga ngayon at kapanahunan.*

This is all just for  
Your praiseworthy situation/condition.

Man:

Please do not be offended  
I will dissent and I just have a wish  
For us to witness the purity  
Of the proceedings of our celebration.

There is one prettier that is more acclaimed  
Thing that you haven't done yet  
Put the *tâgay* on your head in front of the people  
And to dance once more without worry.

Like what we always witness  
That in putting your *tâgay* upon your head  
You continue dancing and the hands  
Are swaying without stopping.

Woman:

Your character is really funny  
Comparable to those of children  
When obeyed becomes more talkative  
Asking for things that cannot be done.

That is why frequently, thus commonly  
What should happen to the requested one  
As there's nothing more she can do or give  
Get hurt and angry, just to have a solution.

Man:

Please do not take offense  
And we just want to be truly happy  
We entreat that you take away inside  
The wrong notions and do not bear hatred.

Because it is well-known that you are wise  
Why restraint, for what reason?  
And if you like to be featured  
The hour and the opportune time is now.

*Babae:*

*Pinipilit ko na ang aking sarili  
Na huwag sumuay, ngunit di mangyari  
Anumang sabihi'y wala na nga kaming  
Magagawang iba na kawili-wili.*

*Maging sa halaman at sa taóng buháy  
Pag walang hihintin, di dapat hanapan  
Kung sana sa dayap, pig-in man nang pig-in  
Pag wala nang katas, wala nang lababas.*

*Lalaki:*

*Kung kayo nga disin 'di namin kilala  
At natatalastas na hindi bihasa  
Magsunong ng tagay, kami'y tahanan na  
Ng aming pagdaing buhat pa kanina.*

*Baka naman kayâ kayo'y alinlangan  
At walang pakulit at nalilimutan  
Inumin nga muna hawak ninyong tagay  
At upang lumakas ang inyong katawan.*

*At kung iya'y inyong mainom, maubos  
Pilit na tatapang puso ninyo'y loob  
Tanggapit inumin itong inyong tagay  
Huwag magtitira kahit kapatak man.*

*Ang alak na iyan ang taglay na bisâ  
Sa bawat uminom gamot na mistulâ  
Huling tagubilin ay pakatandaan  
Ang bisa ng alak na inyong titikman.*

*Babae:*

*Muling nautusa'y walang magagawâ  
Kundi and sumunod na walang bahalâ  
Pagkat kung sumuay ay lalong masamâ  
Mawiwikang kami'y babaeng mulalâ.*

*Ang mga tagayang muling dadamputin  
Nang di nalalaon, pagdaka'y sunungin*

*Woman:*

*I am now forcing myself  
Not to disobey, but it does not happen  
Whatever you say, we really cannot  
Do any other thing that is pleasurable.*

*Even in plants and in live humans  
If there's nothing to wait for, no need to search  
As in lemon, no matter how much you squeeze  
If there's no more juice, nothing will come out.*

*Man:*

*Had you not been known to us  
And we understand that you are not experts  
In carry tagay on your head, then we'll stop  
With our requests since a while ago.*

*It may be that you are doubting  
And you don't just give in and you forget  
Drink first the tagay you are holding  
To make your bodies strong.*

*And when you drink that, all consumed  
Your heart and loob will be eventually brave  
Accept and drink your tagay  
Do not leave any, not even a single drop.*

*That wine, the effect that it has  
To everyone who drinks, is like medicine  
Just remember the last reminder  
The wine that you'll taste is very effective.*

*Woman:*

*Once more ordered, cannot do otherwise  
But to obey without worry  
Because to disobey is worse  
It will be said that we are bad women.*

*The tagay glasses will be picked up again  
So as not to be delayed, carry on the head at once*

*At ito rin lamang ang magiging dahil  
Ng hinabahaba pag-ussap natin.*

As it will only be the reason  
For this lengthy conversation of ours.

*Narito na naman sa inyong harapan  
Ang tagay ay sunong at pasayaw-sayaw  
Nang walang marami táyong pag-usapan  
Pinakyaw na namin ang lahat ng iyan.*

Here once again in front of you  
With the *tágay* on the head and dancing  
That there'll be not much we've to talk about  
We already took all of them.

*Kawikaan namin kung gawi'y ganito  
Hindi manginginip kami, sampung kayo  
Yaon ding bibigyang mahal na ginoo  
Di pa antay-antay, bakâ magsitampo.*

As our saying goes, if we do it this way  
We will not be impatient, even you  
Same with the dear gentleman to be offered  
Won't be waiting, might take offense.

[Will approach and give the *tágay*.]

*Kaipala kayo'y masisiyahan na  
Sa aming ginawa na inyong nakita  
At dahil nga dito ay walang-wala na  
Mahihinakit kayong para-para.*

Wish that you will be satisfied  
With what we have done that you witnessed  
And because of it, there is nothing more  
No hurt feelings that you can think of.

*Tanggaping maluwag ang alak na itó  
Ang taglay na bisa'y hindi magbabago  
Inumi't katulad ng nadinig ninyó  
Na aming sinabi sa dal'wang ginoo.*

Accept with openness this wine  
The innate strength will not change  
Drink and like what you heard  
That we told the two gentlemen.

*Kayâ marapating tanggapi't ubusin  
Nang ang bisang taglay ay biglang tumiim  
At nang malunasan taming na gumaling  
Sakali mang kayo'y may tinagong lihim.*

So rightfully accept and consume everything  
So that the effect will at once be felt  
To remedy and truly get well  
In case you have a hidden secret.

*Lalaki:  
Nang lalong tumalab ang bisang tinuran  
Mga tinataglay ng alak na iyan  
Maigi'y hatiin ninyo ang ibabaw  
At ang matitira ay sa akin naman.*

Man:  
So that the said effect will be felt more  
What that wine contains  
Better divide the upper portion  
Whatever will be left is mine.

*Babae:  
Ano nama't kayo ay labis kalambing  
At iniibig pa'y tagay ay hatiin  
Kung kakalahati ang inyong inumin  
Bisa niyang taglay kayo'y di talabin.*

Woman:  
How can you be so sweet  
And desires that the *tágay* be divided  
If your drink will be only half  
Its effect will not take on you.

Lalaki:

*Salamat sa inyong mga karangalan  
At naipatnugot ating kasayahan  
At ang bawat isa ay nasisiyahan  
Kayâ naman kami ay namamaalam.*

Man:

Thanks to your honorable excellencies  
And you managed our celebration  
And each one is satisfied  
That is why we are saying goodbye.

### B.9. *Áwit sa Galahán* (Gift-giving to Newly Married Couple)

From Maria Judith Masilungan who unselfishly provided the 2009 Indie film “Fausta,” where this *áwit* is featured as a cameo, October, 2010; the first two stanzas are also well-known in most Tayâbas areas; the third quatrain is from Barangay Ibabâng Palâle courtesy of Nanay Sedeng Caagbay. The fourth stanza is from my maternal aunt, the late Hospicia E. Cagahastian.

*Dudulugin ko na ang aking bianan  
At itatanong ko kung ako’y manugang  
Kung makapagsabi at makapagsaysay  
Alaalang piso, sa aki’y ibigay.  
(Ay kulang/Alangan ang piso . . .)*

I will now go to my parent-in-law  
And I will ask if I am a daughter/son-in-law  
If he/she is able to tell and able to state  
A peso souvenir, to be given to me.  
(One peso is not enough . . .)

*Ako’y titindig/sasayaw na ng iisang paa  
Dadal’wahin ko po kung kayo’y gagâla\*<sup>1</sup>  
Aanhin ang gâlang panungkit ng bunga  
Di tulad ng pisong pambili ng sâya.  
(pansilid sa bulsa.)*

I will now stand/dance on one foot  
I will make it two if you will give a gift  
What will I do with a pole for fruit picking?  
Unlike the peso which could buy a long skirt  
(to be placed in the pocket.)

*Dudulugin ko na’y ama sa kasal ko  
Na siyang sumaksi nitong matrimonyo  
Ilayo ng Diyos at kami’y magtalo  
Kayo ang bahala sa ami’y magpayo.*

I will not go to my wedding father (sponsor)  
Who witnessed this matrimony  
May God forbid that we (couple) quarrel  
‘Tis up to you to counsel/advise us.

*Ako’y paalam na, maghahanap-hanap,  
Maghahanap-hanap, bagong kamag-anak.*

Goodbye for now, I will be looking for,  
Will be looking for new relatives.

\*<sup>1</sup> Pun was used in this stanza with the double meanings of the word *gâla*: (1) gift during weddings, and (2) bamboo pole with a cutter and/or basket at its end used to get and collect fruits from tall trees.

B.10. *Áwit sa Pagpapatulog ng Bata o Oyáyi* (Lullaby)

From Segunda “Sedeng” Naynes-Caagbay of Barangay Ibabáing Palále on 20 May 2011 in the house of Nanay Aida and Tatay Melo Cabalsa.

*Mayroon daw anwang na nanginginain  
Sa tabi ng tubog at mga pampangin  
Sa binilog-bilog at tinaba-tabâ  
May nakakamalas na isang palakâ.*

There was a carabao that grazes  
Along the mudpool and its banks  
In its roundness and fatness  
There watches a frog.

*Wika ng palakâ, “makatulad kayâ  
Sa binilog-bilog at tinaba-tabâ.”  
Ang wika ng anwang, “ay baliw ka pala  
At nag-iimbot ka na lumaki ka pa.”*

The frog said, “what if I imitate  
In its roundness and fatness.”  
The carabao said, “you are indeed crazy  
And you are lying that you’ll still grow big.”

*“Uminon ng tubig buhat sa umaga,  
Masdan mo kung hapon, at malaki ka na.  
Naniwala naman ang palakang uslak  
Uminom ng tubig hangga’t hindi singkag.*

“Drink water from the morning,  
“See in the afternoon, you’ll be big.”  
And the crazy frog believed and  
Drank water until he is so very full.

*Ang nasapit niya ay dalita’t hirap:  
Pumutok ang tiyan, paa’y iniunat.*

He suffered great affliction and difficulty:  
His stomach burst, feet straightened.

*Ako’y magsasabi ng kabulaanan  
Siguro’y di ninyo paniniwalaan.  
Ako ay pumana ng usang sungayan  
Ang taynga’t kuko ay sabay tinamaan.*

I will relate a story of lies  
Maybe, you will not believe  
I arrow-shot a horned deer  
The ear and the nail were hit together.

*Akin pong lalagyan ng hustong trasunta  
Siguro po’y kayo’y maniniwala na  
Nagkataon noong usa’y nangangamot  
Ang kaniyang taynga ay kinakalikot.*

I will put a correct perspective  
Maybe you will now believe  
It was a chance, the deer was scratching  
Was assiduously nitpicking its ear.

*Siya kong pagbigwas, nahayap kong tunod  
Ang taynga’t kuko ay sabay na natuhog.*

That moment I released my aimed arrow  
The ear and nail were together hit apiece.

## B.11. *Mga Awit sa Tagayán* (Drinking)

### 11.1 *Paawitán Text From Barangay Ibabang Palale*

20 May and 30 December 2011 collections from Barangay Ibabang Palále. Participants were mother and daughter tandem of Lola Crisanta “Santa” Naynes and Segunda “Nanay Sedeng” Naynes-Caagbay, Lolo Marcial Tabi, Mrs. Barbara “Lola Bareng” Baasis, and Nanay Belen Raca. Guitarist was Mang Biloy Cabuyao.

*Ganda ng loob mo’y ‘pakita sa akin  
Sinasalubong ko’y magandang loob din  
Ang loob mong iya’y ba’t di mo baguhin  
Ang loob ko’y lalong madaragdagan din.*

Show me your benevolence  
I am welcoming it with benevolence also  
That *loob* of yours, why don’t you change  
Mine will be augmented more.

*Atas palibhasa’y ligayang sumibol  
Ang di maiwasang likat ng panahon  
Iniisip yata’y nandirito ngay-on  
Ang pagpapaunlad, tuwa’y suson-suson.*

An order wherefore is joy that sprung  
An unavoidable flow of time  
‘Tis supposed thinking that it is herein now  
The progressing way, happiness a-piling.

*Kung sa pag-inom ko’y di ka masiyahan  
At ang iyong mithi’y di ko maialay  
Patawarin ako at yaring kawal-an  
Ang siyang may sala ng lahat ng bagay.*

If in my drinking you won’t be satisfied  
And your desire I cannot offer  
Forgive me and this utter lack  
Is the offender of all things.

*Yaring pagtindig ko sa gitna ng bahay  
Nalalantang kahoy ang aking kabagay  
Ang nakakatuyo’y ang patak ng ulan  
Nakakasariwa’y ang sinag ng araw.*

My standing at the center of the house  
A withering tree I am compatible to  
The rainfall dries me up  
The rays of the sun refreshes me.

*Kami’y may halaman, punò ng sampága  
Mayroong bulaklak na kaaya-aya  
Kung pipitasin mo’y magpapakaága  
Ngunit ang hiling ko’y maging maligaya.*

We have a plant, a champaca tree  
It has a delightful flower  
If you will pick it, be really early  
But my request is to be happy.

*Ako ay aalam, sa iyo’y lalapit  
Ang dala ko’y baso na may lamáng tubig  
Handog ko sa iyo, lakip ang pag-ibig  
Ito’y tanggapin mong maluwag sa dibdib.*

I will be knowledgeable, I will approach you  
Am carrying a glass containing water  
My offering to you filled with love  
Accept this with a roomy breast.

*Malaon nang araw, aking hinahangad  
Sa ganitong piging ang kayo’y mamalas  
Sa oras na ito, tayo’y nagkapalad*

It has been a long time, I am wishing  
In this kind of celebration, to see you  
At this time, we had the opportunity



*Ang iyong karikitan, nalunod sa galak.*

Your beauty, drowned in happiness.

*Ako'y nilapitan, hagdang inyong sandig  
N'yaring may dalitang nagnasang pumanhik  
Pinagkaisahan na dito'y lumapit  
Upang di'y makamtan, ligaya'y masapit.*

I was approached, your leaning stairs  
Of this poor one wanting to go up  
All agreed to approach here  
So as to receive, to arrive at happiness.

*Narito na kami, mabunying ginoo  
At nakapasok na sa pintuan ninyo  
Aming pupunuan, pangunang bandito  
Giliw na maybahay, pakinggan po ninyo.*

We are now here, triumphant gentleman  
And have entered your doorstep  
We will begin with the initial band  
Beloved houseowner, please listen.

*Aking pupurihin, pasasalamatan  
Bunying sakramento, kamahal-mahalan  
At ang ikalawa'y ang amang maybahay  
At sa nandiritong táong nakagapay.*

I will praise, will give thanks  
Hailed sacrament, dearly beloved  
And the second is the father of the house  
And to the one herein supporting.

*Lamesa at silyang dito'y nakatayô  
At doradong pilak na magkakahalô  
Nagpapakilalang ang nagsisiupô  
Yaong mga taong loob ay maamô.*

The table and chair herein standing  
And golden silver which are mixed  
Introduce that those who sit  
Are people of mild character.

*Sukat hanggang dito, yamang natanto na  
Kami ay uupô sa naturang silya  
Pinagparon-an ko'y, wika ni Seneca  
"Ang kapangahasa'y bunga ng pag-asa."*

So until here whereupon it is known  
We will sit upon said chair  
Whence I came, Seneca said  
"Courage springs from hope."

*Magandang oras po, bunying soberana  
Kita'y binabati, oras na maganda  
Kita'y binabati, oras na masaya  
At lakip ang iyong mutyang ama't ina.*

Good hour, hailed sovereign  
I am greeting you a beautiful hour  
I am greeting you a happy time  
With your beloved father and mother.

*Sapagkat ay ngay-o'y siyang kaarawan  
Mahal mong anyaya sa mundo'y pagsinta  
Sa bahay mo, Neneng, na tinatahanan  
Lupang maligaya na iyong nilakhan.*

Because today is the birthday  
Your beloved invitation to the world is love  
In your house, Neneng, where you stay  
A happy land where you grew up.

*Madlang halaman mo'y nagsisipagsaya  
Sampu ng bulaklak nagngiti sa sanga  
At ang samyo nito ay kaaya-aya  
At nakakaakit sa tuwa't ligaya.*

All your plants are enjoying  
All flowers are smiling on their branches  
And their fragrance is very delightful  
And enticing joy and happiness.

*Ikaw nga ang rosas na namumukadkad  
Ang laman ng pusong mahigit sa pilak  
Sa araw at gab-i'y di ibig malingat  
Halos patuntungin sa dalawang palad.*

You really are the rose that blooms  
The more-than-silver contents of the heart  
Days and nights, don't want to neglect  
Almost asked to step on two palms.

*Aba masanghayang bulaklak ng aliw  
Lingap ng awa mo'y siyang hintay namin  
Kung ipagkaloob ikaw ng may hardin  
Pakaasahan mong ika'y pipitasin.*

Alas, delightful flower of joy  
Your caring mercy we are awaiting  
If you will be given by the garden owner  
Surely hope that you will be picked.

*Pagpitas kong ito'y hindi sisipiin  
Puno't sampung ugat aming aakatin  
itananim ko sa mabuting hardin  
Ipagdidilig ko'y loob na magaling.*

This picking of mine will not sever  
The trunk and all the roots we'll be balling At  
And I will plant in a good garden  
I will water with a good intent.

*Ayon sa ligaya ng puso ko't dibdib  
Alay ko sa iyong kabutiha't dikit  
Ang tagay na ito na hawak ko't bitbit  
Sa ina sa binyag, doon ihahatid.*

Through to the joy of my heart and breast  
My offering to your goodness and beauty  
This drink that I hold and carry  
To my baptismal godmother, there I'll bring.

*Iaobot ko na't kami'y nalalaon  
Yaring tangan-tangang rosas de palaton  
Tinitingnan-tingnan, nililingon-lingon  
Itinuturo pang iaobot ko roon.*

I will now give, as we are being delayed  
This that I am holding rose of advance  
Being looked at, head being turned  
And still pointing to be handed there.

*Inom na'y inom na, sa kamay ko galing  
Sukdang ito'y lason, di ka tatalabin  
Kung magkasakit ka, sa akin ang dahil  
Ako'y malayo ma'y iyong ipagbilin.*

Drink now, drink now, coming from my hand  
Even if it is poison, you won't be harmed  
If ever you get sick, I am the reason  
Even if I am far away, call for me.

*Ang tagay na iya'y di ko iinumim  
Ang timtiman lámang, di ako titimtim  
Tana kung isayaw at sakâ sunungin  
Intana biro ma'y iinumim ko rin.*

That tagay I will not drink  
Even just to taste, I will not taste  
Lest it'll be danced and placed on the head  
Even if 'tis a joke, I'll also drink it.

*Ako'y titindig na'y di man tinatawag  
Ugali ng bata na may hinahanap  
Ang hinahanap ko'y hindi ginto't pilak  
Kapuwa rin bata na kaisang-palad.*

I will now stand, though not called upon  
The actuation of a child who looks for. . .  
I am neither looking for gold nor silver  
Also a child, who is a palm-mate.

No'ng unang panahong ako ay bayabas  
Sa tabi ng daa'y hinahampas-hampas  
Sakâ ngay-on nama'y lumaki't tumaas  
Hindi makalalo kung hindi pipitas.

Kung gusto mo Neneng tayo'y mag-awitan  
Tibagin ang bundok, dagat ay tabunan  
Dakipin ang alon, ilagay sa pinggan  
At siya po nating gagawing laruan.

Ano po ba't tayo ay maglalaro pa?  
Di na kayo batâ; kayo'y matanda na  
Kayâ ko sinabi, sa buti mo't ganda  
Ang laman ng tasa, inyong inumin na.

Inom na'y inom na ng dilakonesa  
Palamig sa dibdib nang 'di mamaos ka  
At pagka-inom mo'y ikaw ay gaganda  
Pupula ang labi, pupungay ang mata.

Ano kayâ baga't ako ang dinampot  
Batang alanganin, kulang pa ang loob  
Maigi-igi pa ang kawayang Ános  
Kung hipan ng hangì'y umaalinsunod.

Kung ako'y mayroong isandaang piso  
Nalalaman ko na ang tutunguhin ko  
Sa maglalaruan paroroon ako  
Lakad ko'y matulin, may halo pang takbo.

Itong balbarosa'y magandang halaman  
Di man umiimik ay nakakadâgang  
Ang bango at samyo siyang nagsasaysay  
Marunong ka raw pong magpasayaw-sayaw.

Yaring pagtindig ko kung ako ay asin  
Natunaw na laang sa inyong paningin  
Mga mata ninyong kamukha'y patalim  
Ang siya rin yatang papatay sa akin.

In the old days I was a guava  
Along the road, was being slighted/hit  
And now that I am have grown and tall  
They cannot pass/advance without picking.

If you want Neneng, let us do some singing  
Tear down the mountain, fill-up the sea  
Catch the waves, put them on a plate  
And we will make them our playthings.

Why do we still have to play?  
You're not young anymore, you're now old  
I said it because in your goodness and beauty  
The contents of the cup, you drink now.

Drink now, drink now, the *dilakonesa*  
Chest cooler so your voice won't get hoarse  
And once you drink, you will be beautiful  
Will have red lips, flickering eyes.

Why did it happen that I was the one chosen  
A doubtful child, wanting in will/volition  
The Anos bamboo is a little better  
Swaying with wherever the wind blows.

If I have a hundred pesos  
I already know where I will head  
To the one who sells toys I will go  
I will walk fast, combined with running.

This *balbarosa* is a beautiful plant  
Though unspeaking, it is conversant  
Its fragrance and scent are the ones relating  
That you know how to dance.

This standing up of mine, if I am a salt  
Should have melted from your intent gaze  
Your eyes that look like sharp weapons  
Will be the ones to kill me.

*At ditong sa aking ganabiglaanan  
Ang galang ko't puri'y aking nalimutan  
Pero gayunman po'y kung aking pagbalkan  
Magandang oras po sa inyong lahat d'yan.*

And at this hesitance of mine  
My self-respect and esteem, I forgot  
But, even though, if I might return  
Good time for all of you there.

*Kung sa ganáng aki'y walang mahihitâ  
Kung baga sa nangka'y pinitas ay múra  
Manipis ang kálong, patda'y parang sutlá  
Nilabon mang but-o'y/Ka'nin pa kung 'maga'y  
nakakasikmurâ.*

As for me, you will not profit any  
Compared to a jackfruit, picked so young  
The flesh is thin, the sap is like silk  
Even the boiled seeds/When eaten in the  
morning will upset the stomach.

*Birheng masaklolo, ano kayâ ito  
Ako'y naliligid ng maraming tao  
Kung ako'y umurong, mga kapatid ko  
Kahihiy-an natin sa táong narito.*

Helpful Virgin, what is this then  
I am surrounded by a lot of people  
If I backtract, my siblings,  
Our embarrassment to the people here.

*Magpautang ka na't ikaw ang mayroon  
Magbabayad akong hindi maglalaon  
Hintayin mo lamang mamunga ang santol  
Magbabayad akong sakay sa kariton.*

Please lend us; you are the one who have  
I will pay, it will not take long  
Just wait for the santol tree to bear fruits  
I will pay carried on a cart.

*Kung kaya ang aking pag-asa ay lubos  
Na lilingapin mo akong napapagod  
Yamang ang dalisay ng aking pag-irog  
Magpakailanma'y di ko malilimot.*

The reason why I am full of hope  
That you will care for me who is weary  
Because the pureness of my love  
Forever I won't forget.

*Dini sa puso ko ay nakalimbag na  
Na lingkod mo ako, panginoon kita  
At sa bandang oras ikaw ay magpita  
At ako ay laan sa pananalima.*

Here in my heart is already imprinted  
That I am your servant, you are my lord  
And at a desired time whenever you wish  
I am willingly resigned to obey.

*Marabilya ka pong kahoy ko sa parang  
Dahon mo'y mayabong, sanga mo'y maruklay  
Sinumán daw taong dito'y maparaan  
Pilit manganganlong kung naiinitan.*

You are my marvelous tree in the field  
Your leaves are lush, your branches wide  
Whoever passes by your way, 'tis said,  
Will surely take cover from the sun.

*Puso ko'y nanlumô at napagulantang  
Sa sagot mong hálos kumitil sa búhay  
Tunod na mahayap ang siyang kabagay  
Na sa aking puso ay halos magwaray.*

My heart was aggrieved and aghast  
On your answer that almost killed the life  
Likened to an arrow shot into a bow  
That in my heart almost got amuck.

*Nguni at sa udyok ng inang pag-ibig  
Di mayag na hindi muli pang ibalik  
Sa iyo ang aking dusang tinititi  
Ang iyong pasiya'y tila nalilihis.*

But in the urge of mother love  
Will not permit not to return again  
To you my suffering I'm painfully bearing  
Your decision seems not to tread the way.

*Ang isang sa loob ng bayang narapâ  
Sa bundok magbangon, mangyayari kayâ?  
Sino mang banta ko'y di makapaggawâ  
Ng payo mong yaon, tila balintunâ.*

For one who fell in town  
To rise up in the mountain, will it happen?  
Whoever, I suppose, cannot do that  
Advice of yours, it seems the opposite.

*At sa isa namang may malubhang damdam  
Mas nâsa kamay mo yaong kasagutan  
Sakâ ituro mo sa di kailangan  
Ang payo mong yaon kayâ'y karampatan?*

And for one who has a grave ailment  
The remedy is more in your hand  
Then point out to one who doesn't need  
Will that advice of yours be justly right?

*Marahil ay kahit pangulo ng bansâ  
Puso'y yayakagin, habag mo'y ilâwit  
At sino pa kayâ ang hindi mahapis  
Sa palad kong pinagtipunan ng sâkit?*

Maybe even the president of the country  
Will entice the heart, to grant your mercy  
And who else will not feel the sorrow  
On my palm (fate) that added up suffering?

### 11.2 Paawitán Text From Barangay Gibanga

From Barangay Gibanga recorded collections on June 19, 2011 at the house porch of Anita "Inang Anitang Laki" Rabina-Ragudo. Participant-contributors were Anita "Inang Anitang Pinong" Labitigan-Ragudo, house-owner Anita Rabina-Ragudo, Marta "Inang Maring" Trinidad-Zeta, Claudia "Lola Alud" Jaspio-Caagbay, +Suela "Inang Suela" Pabulayan-Lacorte, Paulita "Inang Payta" Pabulayan-Querubin, Trinidad "Inang Trining" Deduyo-Pabulayan, and Purificacion "Cacion" Labitigan-Pabilonia. *Tanggera* was Cornelia "Inang Orne" de Torres; dancers were Elisa "Inang Elisa" Galapate, +Genoveva "Inang Gening" Pabulayan, Inang Anita L. Ragudo and Inang Maring T. Zeta. Subsequent contributions to this collection were made on November 13, 2011 by Inang Maring Trinidad-Zeta and Lola Alud Jaspio-Caagbay, and on November 2, 2011 and January 2, 2012 from husband and wife team of Ernesto "Tio Erning/Nesto" Abas and Corita "Tia Unta" Jaspeo-Abas.

Upon entry to the house:

*Pagparito namin (ay) dili sa kung ano  
Ay di man kumbisi, dili kumbidado  
Kayâ lámang bilang kami'y naparito  
Maganda raw loob ang maybahay dito.*

Our coming over is not for whatever reason  
We were not so busy, though uninvited  
We came over just because 'tis said that  
The dweller here has a beautiful heart.

*Ang maybahay dito'y maiging panhikin*

The dweller/wife here is good when you ascend to her house

*Ang loob ay leyal/riyal, ang katawa'y hayin  
Paloob-palabas, dala-dala'y mam-in  
Ipinamamama'/Isinasalubong sa táong nadating.*

The *loob* is true, the body is an offering  
Going in and out, carrying food  
Being offered/fed to incoming people.

Inside the house:

*Tindig, katawan ko, at panuntunan mo  
Ang gawang komedyá, nása entablado  
Anuman daw sayá, pag walang lakayo  
Ay pagtatawanan ng maraming tao.*

Rise up, my body, and make a lead  
Of the comedy chore, up on a stage.  
However joyous, if there is no clown,  
Will be laughed at/jeered by many people.

*Tabi-tabi ako, mga kamahalan  
At sa bumabásang may dunong na taglay  
Ang sasabihin ko'y kung magkamali man  
Inyong ipatawad, tuloy na pagpun-an.*

Excuse me, your excellencies,  
And for the knowledgeable reading ones  
For whatever I'll say, if I commit mistakes  
Pardon me and consequently fill it up.

*Ako'y nahihiyang umáwit kung tikis  
Sapagkat masama yaring aking boses  
Maraming tatawa, maraming iismid  
Magkukuhitan pa ang magkakaratig.*

I am embarrassed to sing if forced  
Because my voice is bad  
Many will laugh, many will sneer  
Seatmates will tickle each other.

*Ako'y inutusan, hindi makatanggi  
Tumanggi man ako'y walang mangyayari  
Subalit kung sundin, pagpipitang yari  
Kapurihan ko rin sa táong marami.*

I was commanded, I cannot resist  
Even if I resist, nothing will happen  
But if I obey the wished thing to do  
Praise will also be mine from many people.

*Ako'y susunod na, madaling-madali  
(Ay) Para ng pagsunod sa mahal na hari  
Yaring katawan ko'y tindig sa delante  
Tanghalin ka ngay-o'y sa táong marami.*

I will obey now, in a hurry/haste  
Like obeying a beloved king  
This body of mine, stand up in front  
To be displayed now to many people.

*Kung binibigay na yaong hinihiling  
Ay siguro'y di na muli pang dadaing  
Kung ibinibigay yaong hinihingi  
Siguro'y hindi na hihingi pa uli.*

If whatever is requested is now given  
Maybe, he/she will not request again.  
If whatever is asked is now given  
Maybe, he/she will not ask again.

*Wag mong paghanapan ang 'di pa bihasa  
(Ay) Mauuna kayong tunay na tumawa*

Don't find lack from a neophyte  
You will be the the first to really laugh

Walang magagawâ at ang magdadala  
(Ay) Bagong nag-aaral sa primera letra.

Nothing could be done since the bearer  
Is a new learner in first letters.

Utos ng matanda, mahalay di sundin  
Kinabubusungan batang paris natin  
Ang bait ng bata (ay) saan manggagaling  
Kundi sa matanda, nakuhang tanong din.

Orders from elders, obscene not to follow  
Bad labeling for children like us  
The character of a child, whence it come  
But from the elders, gotten also from asking.

Yaring pagtindig ko sa gitna ng bahay  
Ang nakakaparis ay ipang bualaw  
Di magserbeng gatong, di magserbeng tanglaw  
(Ay) Itapon mo na po't hahanipin lamang.

My standing at the center of the house  
Am comparable to rice hull  
Can't serve as fuel, can't serve as light  
Throw me, I'll only accumulate bugs.<sup>2</sup>

<sup>2</sup> *hanip* are very tiny itch-causing insects.

Sa nakakarinig ng huni ng punay  
Sa isang malagong kahoy na maruklay  
Ng dalawang lalaking laging nakabantay  
Huhulihin lámang ay kung magkakaway.

Those who hear the *punay* bird chirp  
On one of the lush wide-branched trees  
Of two men who are always watching  
Will catch only if it flaps its wings.

Ang mabuting puno'y mabuti ang sanga  
Magpahanggang dulo'y mabuti ang bunga  
Dito na po lámang at wala nang iba  
At ako'y wala nang maidaragdag pa.

A good tree trunk has good branches  
Until the top end, has good fruits  
Until here and nothing follows  
And I have nothing more to add.

Inom na'y inom na'y nása tasang tagay  
Pag naubos ninyo ang laman ng tagay  
Pupula ang pisngi, mata ay pupungay  
Gagandang lalaki, parang artista ay.

Drink now, drink now, *tágay* in the cup  
When you finish the contents of the *tágay*  
Your cheeks will redden, eyes will flicker  
Will be good-looking, like a movie actor.

Naari na nga po, sa inyo'y narating  
Ang pinangalanang mahal na inumin  
Ngay-on ko titingnan at panonoorin  
Ay ang ibubundol at palalayawin.

Here it is now, coming your way  
The named or branded dear drink  
Now I will look and watch  
What will be forwarded and foregone.

Sinusulyap-sulyap, nililingon-lingon  
Itinuturo pa, ang wika ay 'doon'  
Pagdating sa gitna, ay pabiling-biling  
Mamá'y kunin mo na't 'pakita sa akin.

Being gazed at, head being turned,  
Still finger-pointed, said 'there'  
Upon reaching the center, head a-turning,  
Man, get it now and let me see.

*Naari na nga po, narating sa inyo  
Ang pinangalanang mahal na tágay mo  
Kung di mo damputin ay ilalagay ko  
Kukunin ang iba, ano pang sa iyo?*

Here it is now, coming your way  
The named/branded dear *tágay* of yours  
If you'll not pick it up, I'll put it down  
Somebody will get it, what else will be yours?

*Inom na'y inom na, sa kamay ko gáling  
Sukdang ito'y lason, di ka tatalabin  
Kung magkasakit ka, sa akin ang dahil  
Malayo man ako'y iyong ipagbilin.*

Drink now, drink now, coming from my hand  
Even if this is poison, you'll not be harmed  
If ever you get sick, I am the reason  
Even if I am far away, call for me.

*Ang tagay na ito'y di ko iinumín  
Ang timtiman lamang, di ako titimtim  
Intana isayaw at sakâ sunungin  
Intana biro man, tayo ay hafi rin.*

This *tágay* I wil not drink  
Even just to taste, I will not try  
Unless it be danced and placed on the head  
Even if it is just a joke, we drink in halves.

*Yaring pagtindig ko'y itatasi ko man  
Ipinakiusap ang tasang may laman  
Ay kung aayaw mo'y ibigay sa akin  
Ipagagawa kong kuwintas at karmen.*

In this when I stand, even if I may hold  
Just requested, the cup with its content  
If you do not like it, then give it to me  
I'll make of it a necklace and a scapular.

*Ang tágay na ito'y di ko iinumín  
Ang timtiman lámang, di ako titimtim  
Intana isayaw at sakâ sunungin  
Intana biro man, iinumín ko rin.*

This *tágay* I wil not drink  
Even just to taste, I will not dare  
Unless it be danced and placed on the head  
If it is a joke, I will just the same drink.

*Ituloy mo na po ang iyong pag-inom  
Darayukdukin ka pag iyong in'urong.  
Ako'y iinom na ng parating akin  
Ay mamaya-maya'y ako'y siyang lasing.*

Go on with your drinking  
You will be starved if you postpone.  
I will now drink this which is always mine  
In a little while, I will be the one drunk.

*Ako'y naari na't napapagitna na  
Nasakupan na ng inyong bandera  
Ang ibig pa yata'y humiyaw ng biba!  
Anong magagawa'y di na makakaya?*

Here I am now and at the center  
Your flag already conquering me  
Still wishing me to shout Viva! (Long live!)  
What can be done when I can't anymore?

*Magpautang ka na't ikaw ang mayroon  
Magbabayad kami, hindi maglalaon  
Maghintay-hintay kang bumunga ang katmon  
Magbabayad kami, sunò sa kariton.*

Lend us, because you are the one who have  
We will repay, it will not take long  
Wait a while for the catmon<sup>\*3</sup> to bear fruits  
We will repay, carried on a cart.

\*3 Catmon and santol (cotton fruit) currently have no market value.



*Mataas na langit, paanhin ko kayâ  
Ang mga pagsunod sa may dalang tuwâ?  
Di pa nabibigkas ng labi ko't dilâ  
Ang nangunguna na'y ang malaking hiyâ.*

High heavens, how will I do  
The many obeyings to the joy-bearer?  
My lips and tongue haven't uttered yet  
Big embarrassment in me precedes.

*Mayroon ka ngay-on, búkas ay wala na  
Sa binúkas-búkas, tinuwing makalawa  
Sunod, kapatid ko't sa usapang pita  
(Ay) Di ka sisiguro, di maiimporta.*

You have it now, none for tomorrow  
From morrow to morrow, in every other day  
Obey, my sibling, in talked-about desire  
You can't be sure to be given importance.

*Labas na'y labas na kung sino'ng lalabas  
Tugtog ng gitara ay bakâ lumipas  
Ang nakikita ko'y gila-gila lámang  
Ituloy mo na po yaong karamihan.*

Come out, come out whoever wants to  
The music of the guitar may pass away  
What am seeing are just bits and snatches  
Please go on with the many others.

*Pagdating sa gitna magbibiling-biling  
Ang maidudugtong, makita'y sa akin  
Ngay-on ko titingnan at panonoorin  
Bangkang ibubunsod at palalayawin.*

Upon reaching the center, head a-turning  
Whatever continuation seen will be mine  
I will now look and watch  
A boat to be directed and sent.

*Yaring kapatid ko, masyadong malambing  
(Ay) Masiya-siyado kang madaraingin  
Siya'y naari na, sa akin kapiling  
Ang ibig pa yata'y damputin, kalungin.*

This sibling of mine, is very sweet  
You are very whining-complaining  
It is here now, with me  
Still wishing I pick it up, put it on my lap.

*Salamat sa Diyos at ako'y pinálad  
Pinalad man ako'y di sariling hanap.*

Thanks be to God that I was made lucky  
Though my luck is not of my own searching.

*Itataas ko na ang tangan kong tasa  
At sa aking ulo ay nakakorona  
Ang laman pa nito'y Agua de Kolonya  
Sa atay ko't puso, doon ko kinuha.*

I will now raise the cup I am holding  
And on my head it is crowned  
It is containing Cologne Water  
From my liver and heart I got.

*Ikaw na sahig ka'y aking yayapakan  
Ng maruming paa na kahalay-halay.*

You, floor, I will now step on  
Of dirty feet, obscene.

*Yaring pagtindig ko, bilóg na kung bilóg  
Tagulaylay mandin, ganda ng 'yong loob  
Ang nangangatuwa'y sa aki'y manood  
At ang hindi nama'y mukha'y italikod.*

In my standing, round if it is round,  
Your benevolence is so poetic  
Those who are amused, watch me  
Otherwise, make an about face.

Ganda ng loob n'yo'y 'pakita sa akin  
Sinasalubong ko, magandang loob din.  
Ang loob na iya'y atin nang baguhin  
Ang loob ko'y lalong hindi magmamaliw.

Show me your good heart (*loob*)  
I am welcoming it with good *loob* also  
This *loob*, let us now change  
My *loob* will not even falter.

Sulong aking tandang, sulong aking manok  
At sa dumalaga ay mangurukutok  
Sa oras na ito't di ka tumaraok  
Sayang ang tinukâ, sa baluyot dukot.

Forward, my rooster, forward, my chicken  
And to the young hen, make a cackle  
At this very hour if you don't cock-a-doodle  
What wasted feeds, drawn from the huge sack.

Yaring pagtindig ko'y nanlulumo halos  
Ang paa't kamay ko'y parang ginagapos  
Ipinanlulumo ng puso ko't loob  
Daming mata ninyong nagsisipanood.

In my standing, am almost so weary  
My feet and hands are like being tied  
My heart and *loob's* weariness is due to  
So-many eyes of yours watching me.

Ang gayak at nasâ n'yaring aking puso  
Ay manood lâmang ng inyong palaro  
Akala ko mandin, tâyo ang nag-utos  
Sino ang haharap? Ako'y namamaos.

The plan and wish of this heart of mine  
Is just to watch your games  
I just thought, we made the orders  
Who will face them? My voice is hoarse.

Maniniwala ka, prinsesang marikit  
Nang kita'y sintahin, hamak kang maliit  
Nâsa tiyan ka pa ng ina mong ibig  
(Ay) Natatanim ka na sa puso ko't dibdib.

You have to believe, pretty princess  
When I loved you, you were lowly small  
You were still in your mother's womb  
You're already planted in my heart.

Kung mangyayari nga at mangyari lamang  
(Ay) Luha n'yaring mata'y aking pinansulan  
At pinapatak ko sa iyong hihig-an  
Upang matanto mo yaring kahirapan.

If ever it will happen and wish it will  
I will make an aqueduct for my tears  
And I let them fall on your bed  
For you to realize my suffering.

Ang minamahal ko saan man magsuot  
(Ay) Kahit na magtago sa likod ng bundok  
Di ako titigil nang sinunod-sunod  
Hangga't di magbigay ng magandang loob.

My beloved wherever she goes  
Even if she hides at the back of the mountain  
I'll not cease to pursue her  
Until she gives a good *loob*.

Kung ika'y pumaris, sa ibon pumaris  
At nahahayon mo ay ang himpapawid  
Ako ay gagawa, panang maliliit  
Pagtama sa iyo'y sa akin ang bulid.

If you imitate a bird  
And you can reach the sky  
I will make small arrows  
When they hit you, to me you will fall.

*At kung ikaw nama'y pumaris sa isda  
Pupunta sa dagat na pipitlag-pitlag  
Ako ay gagawa ng maraming baklad  
Sakâ isampukot na sakop ng dagat.*

*Kung ikaw naman ay dayap na malagô  
Ang sanga't dahon mo'y lagaylay sa punò  
Ang alinmang ibong sa iyo'y dumapò  
Mailap-ilap ma'y pilit ding aamò.*

*Mahal na prinsipe, wag kang magpumilit  
Sa kapunong dayap na lipos ng tinik  
Ang baro mo't sâya'y diyan mapupunit  
Ang hari mong sinta'y walang masasapit.*

*Nagi nga ba mahal ang mahinang isip  
Ay salat sa alam, may susi ang bibig  
Alalayan ninyo, santos, kerubines,  
Sampu kayong lahat na dominasyones.*

*Yaring sasabihin, kulang man sa regla  
Sakaling kulang man sa punto at bunga  
Walang magagawa at ang nagdadala  
Bagong nag-aaral sa primera letra.*

*Mahal na prinsipe, kung totoo't ibig  
Hayo na't manulay sa hiblang sinulid  
Pagdating sa gitna at hindi napatâd  
(Ay) Totoo nga palang kayo'y umiibig.*

*Mahal na prinsipe, kung totoo't gusto  
Hayo na't magtanim ng niyog sa bato  
Ngayon din bubunga, ngayon din bubuko  
Ngayon di'y kukunan ng igagatâ ko.*

*Ako ay nagtanim ng kapunong santol  
Namunga kanina, nahinog kahapon  
Nang pipitasin ko'y natukâ ng ibon  
Nahulog sa lupâ, sa dulo gumulong.*

And if you imitate a fish  
Will go to the sea a-jumping  
I will make many fish weirs  
Then catch all over the sea-covered area.

If you are, meanwhile, a lush lemon tree  
Your branches and leaves cover your trunk  
Any bird that perches on you  
However wild, will turn meek and mild.

Dear prince, do not persevere  
With the lemon tree surrounded by thorns  
Your clothing and drapes will be there torn  
Your conquering love will go to waste.

Isn't it, beloved, that the weak mind  
Lacks knowledge, the mouth is locked  
Please assist, saints, cherubins,  
As well as you, all dominations.

What I will say, though wanting in rules  
In case it lacks points and produce  
Nothing can be done as the bearer is  
A new learner in first letters.

Dear prince, if it is true and you really like  
Go on and walk on a fiber thread  
Upon reaching the middle and it doesn't break  
It is really true that you are in love.

Dear prince, if 'tis true and you really want  
Go on and plant a coconut tree on a rock  
Today it'll bear fruits, today it'll have nuts  
On this very day I'll get from it my cocomilk.

I planted a cotton fruit (santol) tree  
It fruited a while ago, ripened yesterday  
About to pick it up, 'twas pecked by a bird  
It fell on the ground, rolled onto the top.

*Ako'y inutusa'y hindi makatanggi  
Ang tumanggi nama'y hindi mangyayari  
Subali, sundin ko'y pagpipitang yari  
Kapurihan ko rin sa táong marami.*

I was commanded, I cannot resist  
Resisting on one hand will never happen  
But, if I follow their wishes  
Praise from the people will be also mine.

*Kundangan ang aking pagpapakundangan  
(Ay) Di ko ikinibo ang aking katawan  
Labi ko'y may susi, seradura'y siyam  
Kahiyaan lámang kayá ko binuksan.*

Hesitant, that in my hesitation  
I did not move my body  
My lips have lock, padlocks are nine  
Only because of shame that I opened it.

*Biling katawan ko, iyong paglabanin  
Ang gilingang batong pinalad ng hangin  
Magdali-dali ka't baká di abutin  
Nakabit sa lawa at pabitin-bitin.*

Turn my body, you let them fight  
The stone grinder blown by the wind  
Make haste, you may not catch it  
Caught by a cobweb and there left hanging.

*Ako'y paalam na, palapa ng saging  
Kung anong gau-in mo'y s'ya ko ring gagawin  
Kung ika'y sumayaw, ako'y sasayaw rin  
Kung ika'y umupo, ako'y uupo rin.*

I am bidding goodbye, banana stalk  
Whatever you do, I will also do  
If you dance, I will also dance  
If you sit down, I will also sit down.

*Kung ika'y tumágay, ako'y tatágay rin  
Kung ika'y kumanta, ako'y kakanta rin.  
Ilabas mo na po yaong karamihan  
At kaming narito'y susunod na lámang.*

If you drink, I will also drink  
If you sing, I will also sing.  
Bring out please all the many others  
And all of us here will just follow.

*Ako'y huwag mo nang pagpari-paringgan  
Tungkol hangong sulat, di ako maalam  
Ang kinagisnan ko sa aking magulang  
Ang pluma ko'y dulos, ang papel ko'y  
parang.*

Do not insinuate me anymore  
Regarding the digged letter, I know not  
What I was accustomed from my parents  
My pen has been the garden bolo, my paper  
has been the farm field.

*Yaong sinisinta n'yaong pirmamento  
Solong kapisanan ng Pastor Dibino  
Ginawa't nilalang ng Paring Eterno  
Amang Pontipise nitong uniberso.*

The beloved of the firmament  
Lone association of the Divine Pastor  
Made and created by the Eternal Priest  
Pontifical Father of this universe.

*Sa aming probins'ya ng Diyos na kasi  
Nayaring di kulang pahiyas sa gab-i  
Ito ay nilagyan tamang palamuti  
Na bituing tampok sa dilim ng gab-i.*

In our province of the beloved God  
Made, not wanting, the nightly adornments  
It was laden with proper embellishments  
Of choice stars in the darkness of night.

*Dito ay may palma, malabay ang dahon  
Humirang ng lilim, sila'y nakisilong  
Ang wika ng Birhen kay Hosep ay gay-on  
Kikita ng tubig upang makainom.*

Here was a palm plant, with wide leaves  
Chose a shade, they took shelter  
The Virgen told Joseph to  
Look for water to be able to drink.

*Sagot ni San Hosep, "dito'y walang tubig,  
Bukal man ay walâ, ni makitang batis  
Pagkakitang gay-on ng Birheng Maria  
(Ay) Yumuko't kumuha ng dahon ng palma.*

Saint Joseph answered, "no water here,  
Not even a spring, can't even see a brook."  
Thereupon seeing, the Virgin Mary  
Stooped down and got a palm leaf.

*At doo'y dumaloy tubig kapagdaka  
(At) Uminom agad ang Birheng Maria  
Magpahanggang ngay-o'y nadaloy ang tubig  
Sa dulo ng palma, hindi napapatid.*

And there flowed water at once  
The Virgin Mary drank at once  
Until now the water is flowing  
At the top of the palm, without ceasing.

*Sabihin ang tuwang walang kahulilip  
Sa lugar ng dusa, pusong Pontipeles.*

Talk about the unending joy  
In the place of suffering, heart of Pontipeles.

*Tabi po sa inyong karikitang bantog  
Maybahay na amang aming iniirrog  
Magandang gab-i po, una naming handog  
Pagkat sumasa'yo yaring abang lingkod.*

Excuses to your famed beauty  
Beloved father of the house  
Good evening, our first offering  
Because we are yours, your lowly servant.

*Di akin ang sabi, ang may isang hain  
Ang nag-aalaga, dito nakahimpil  
Ang sinta ng hari na nakakaaliw.*

'Tis not from me, the one with an offering  
The caretaker, hereby staying  
The beloved of the king, source of his joy.

*Tuloy po kung kami dito'y naglalakbay  
(Ay) Dito'y may balita, rosas na halaman  
Ang rosas na iyon ay nabalitaan  
At ako'y pipitas kung pahintulutan.*

Go on if we here are travelling  
The news is there is a rose planted here  
And that said rose is known  
And I am going to pick if permitted.

*Kung kayâ po ako, ginoong maybahay  
Dito'y ang katulad, ang magkasintahan  
Dito'y nakatulad at kabagay tayo  
Sa mahal na poon, santa't santo, Kristo.*

That is why I, master of the house  
Herewith are compared to lovers  
In comparison, and we are compatible  
To the blessed image, saints all, Christ.

*Ang winika niya, Diyos na Poon ko  
Sana'y akin Ka po, at ako'y sa Iyo.*

He uttered, God my Lord  
I wish that You are mine, and I am Yours.

Ang sinisinta ko ay punò at ugat  
Ang sinasamyo ko'y mabangong bulaklak  
Kayâ sa bulaklak ako nakiusap  
(Ay) Sa bulaklak naman ako nararapat.

I am loving the tree and the root  
I am smelling the fragrant flower  
I conversed with the flower because  
I must be with the flower.

Ang sinisinta ko saan man magsuot  
Kahima't matakpan pitong susóng bundok  
Di ako titigil nang sinunod-sunod  
Hanggang di magbigay ng magandang loob.

My beloved, wherever she goes  
Even if she's covered by a sevenfold mountain  
I will not stop pursuing  
Until she gives a good heart (*loob*).

O Aling Polana, sumayaw ka lámang  
Ang mabaling sahig aking babayaran  
Doon po sa amin mahal ang kawayan  
Sambias ay piso, wala pang makunan.

O Madame Polana, if you will just dance  
Any floor that breaks I will pay  
In our place, bamboos are expensive  
One peso apiece, can't even acquire any.

Ang igi-igi ta't ako'y nakaupo  
At sa isang sulok ako'y nakatago  
Ang talagang nasà n'yaring aking puso  
Ay manonood lang ng inyong palaro.

It has been well that I am just seated  
And at one corner I am hidden  
The real wish of this heart of mine  
Is just to watch your games.

Ang inang binyag ko kaya pala walâ  
Nagbibikang-bikang sa tabi ng sapa  
Nang ako'y pumar-o't aking inusisâ  
Pinaglahok-lahok suman at marhuya.

My baptismal godmother, she's not here  
She is making *bikang* along the brookside  
When I went there and inquired  
She is mixing *suman* and *marhuya*.

Si Aling Polana'y hindi maghihirap  
Pinaglahanapa'y lupang gagapalad.

Madame Polana will not be poor  
Getting her income from a palm-sized land.

Si Aling Polana'y may bahay sa labak  
Ang bubong ay yunot, ang dingding ay balât  
May bintanang munti sa tapat ng papag  
Dungawan ng kanyang minamarisapsap.

Madame Polana has a house in the valley  
The roof is *yunot*, the wall is skin  
With a small window across the bed  
Where her *minamarisapsap* looks out.

Si Aling Polana'y may but-o ng kasoy  
Ako namang ari'y may kamoteng kahoy  
Puwede kayâ pong ako'y makilabon  
Sa inyong palayok, tabi'y harimuy moy?

Madame Polana has a cashew nut  
I on the other hand have a cassava  
May I then please boil  
In your pot, surrounded by lace?

Mahirap nga pala ang búhay ng duling  
Pagkatanghali'a'y sa langit ang tingin!

It is really difficult, the life of a cross-eyed  
After lunch time, always looking at the sky!

No'ng unang mauso ang gitarang bunga  
Tugtog ni Bayutbot, sayaw ni Tigrina  
Lantaki Putakte, natatalawan ka  
Bakit bagâ Negrong nagpapabayâ ka?

Di ko sana nâsang katalo'y patulan  
Sa kalbo'y wala raw masasabunutan  
Subalit sa kanyang mga kayabangan  
Bakâ maniwala ang mutya kong hirang.

Kayâ alang-alang sa katotohanan  
Ay lilisanin ko ang madlang tinuran  
Siya raw po'y merong isang maharpilak  
Sa may Dagat Sulung katimugang dagat.

Sa dami ng silid, wala raw katulad  
At ang tuktok nito'y lampas daw sa ulap  
Sa gusaling guhiti ay aking nahagap  
Ang Bilibid pala'y doon ililipat.

Ano kaya itong narating ng palad?  
Na sa laot mandin sa gitna ng dagat  
Ako'y lumulubog, 'di naman mabigat  
Wala namang hangin ako'y napapadpad.

Ang bait-isip ko ay natitigilan  
At ako'y wala nang masabi't maturan  
Ganoon pa man ay aking aatuhan  
Kung ako'y mamali, tawad ang pakamtan.

May kapunong kahoy na ipinagturing  
Na sa buong mundo'y walang makahambing  
Ito'y talaga na't kaloob sa atin  
Nagdahon ng puti at ang puno'y itim.

Maliit na dampa ang aking tahanan  
Walang palamuti't mga kasangkapan  
Di tulad ng ibang magagarang bahay  
Nagtataka ako nang gay-on na lāmang  
Kung bakit lagi kong pinagpipilitang  
Doon din magbalik sa kinahapunan.

When the fruit guitar was then in fashion  
Bayutbot will play, Tigrina will dance  
Eat Putakte, you are missing something  
Why are you a neglecting Nigger?

It was not my desire to fight my opponent  
There's nothing to hair-fight in a bald man  
But to his many boastings  
My dear beloved might believe.

So for the sake of truth  
I will leave all what I planned  
'Tis said that he has a noble-silver  
At the southern Sulu Sea.

In good number of rooms, nothing compares  
And its top is said to be beyond the clouds  
In the drawn building it dawned on me  
The Bilibid Prison will be there transferred.

What is this that fate brings  
That at sea in the middle of the sea  
I am sinking, although not heavy  
There's no wind even, but I am blown.

My lucidity seems to stop  
And I can neither say nor speak anymore  
However, I will try  
If I commit mistakes, grant me forgiveness.

There is a named tree  
That in the whole world nothing compares  
It is intended for and given to us  
Bearing white leaves with black trunk.

A little shack is my home  
With no adornments and furniture  
Unlike the other opulent houses  
I am wondering not just a bit  
Why I am always forcing myself  
There to return in the afternoons.

*Pag ako'y nalayô kahit ilang saglit  
Nais ko'y sa dampa'y kaagad magbalik  
Kapag nawawalay, ako'y nananabik  
At kung naghihintay, ako'y naiinip.*

Whenever I get far from it even for a while  
I wish to return at once to my shanty  
When apart, I feel so eager  
And when waiting, I become impatient.

*Natutuwa ako kapag namamasid  
Ang aking magulang at mga kapatid  
Maligaya ako kung nakakapiling  
Ang lahat ng aking kaisang damdamin.*

I am joyful when I am able to see  
My parents and my siblings  
I am happy when I am with  
All of those who share my feelings.

*Nalilimutan ko ang mga hilahil  
Ang sumasapuso'y banal na hangarin  
Kayâ't sa tuwa ko'y malimit sabihing  
Ang Diyos ay sadyang malápit sa akin.*

I forget the anxieties  
What fills my heart are holy intentions  
That in my happiness, I frequently say  
That God is really near me.

*Ang aking tahana'y isang munting pugad  
Na nahihiyasan ng mga pangarap  
Doon ko nakita ang unang liwanag  
Ang pagkatao ko'y doon din namulat.*

My home is a little nest  
That is adorned with dreams  
There I saw the first light  
My being is also there eye-opened.

*Ang aking tahanan ay walang katulad  
Tanging kayamanang sa langit nagbuhat  
Nagbabalik mandin, parang hinahanap  
Dito ang panahong nasayang, lumipas.*

My home is beyond compare  
A special wealth that came from heaven  
'Tis hereby returning, as though searching  
Here the wasted time that passed.

*Mga binibini at mga ginoo  
Matanda at batang ngayon ay narito  
Malugod ang bati, ang tanging handog ko  
Sa pagsisimula nitong pag-áwit ko.*

Ladies and gentlemen  
Elders and children now here  
Joyful greeting, my only offering  
In beginning of this singing of mine.

*Hari palibhasa'y makapangyarihan  
Ang atas mo'y sundin at iyong igo lang  
Haring mahal namin ika'y naririto  
May lugod at aliw ang lahat ng tao.*

The King, as he is powerful  
Your order to obey and respect  
Our beloved King, you are here  
There is joy and happiness in all the people.

*Nang ako'y umalis sa sariling amin  
Si Ama at Ina'y may katagang bilin  
Sinuman daw táong mag-utos sa akin  
Sundin ko pong tunay bago ko suwayin.*

When I left our very own place  
Father and Mother left an order  
Whoever commands me  
I should truly follow before I disobey.



*Ang táong kumibo nang kulang sa gayak  
Nagmamagatanong sa mga paglakad  
Ang taong patay man maganda ang asal  
Para rin ngang buhay kung pinag-usapan.*

Any man who moves lacking in planning  
Always asks things along his ways  
A dead man with good character  
Is like a living man when talked about.

*Ako mandí'y walang maisip-isipan  
Hiyang-hiya mandin ang aking kataw-an  
Ang naisipan ko'y manghiram na lámang  
Sa isip ng ibang may pinag-aralan.*

I cannot think of anything  
My body is so embarrassed  
I thought of just borrowing  
From the minds of those who have studied.

*At kung maliligo'y sa tubig aagap  
Nang hindi abutin ng tabsing ng dagat.*

And when bathing, to be early in the water  
So that the saltiness of the sea will not catch up on you.

*Ngayong natanto mong sa iyong pagdating  
Isinalubong mo'y ang ngiti at lambing  
Di na yata káya akin pang sabihin  
Ang pag-ibig sa 'kin ay iyong banggitin.*

Now that you realize upon your arrival  
You welcomed with a smile and sweetness,  
I cannot take it to say anymore  
Your love for me you should mention.

*Ay h'wag mo na akong igaya sa luya  
Gagayat-gayatin, gagawing atsara  
Hangga't bago-bago'y lagay sa lamesa  
Kapag nalumà na'y sa linò kasama.*

Do not compare me to ginger anymore  
Will be minced and made into pickles  
While still new is placed atop the table,  
Will be included in the hogfood when old.

*Mahal na prinsipe, kung totoo't gusto  
Magbahay ka muna sa gitna ng bato . . .*

Dear prince, if it is true and you want  
Build your house first at the rock center...

*Abot, abot, kuha, mahal na bituin  
Ang nagreregalo'y huwag mong hiyain.*

Reach out, reach out and take it, dear star  
Do not embarrass the gift-giver.

*Susundin ko na po, mahirap-hirap man  
Kung siya po ninyong ibig mapalayaw  
Ang táong patay ma't mabuti ang asal  
Para rin ngang buháy kung pagsubihanan.*

I will now obey though it is difficult  
If that is the favor you so desire  
A dead man, if he had good character  
Is like a living person when assessed.

*Kagagawang ito'y aking inaangkin  
Ay kawalang-bait kung iyong banggitin*

This work, I am treating as mine  
Is a loss of mind if you will say it

*Aanhin ko pa ang makinang na ginto  
Higit pang makinang sa maraming tanso?  
Inom na'y inom na, n'yaring damasino  
Hamog ng Aurora, gáling sa puso ko.*

What else will I do with glittering gold  
Far shinier than a lot of silver?  
Drink now, drink now, this damascene  
Aurora dew, coming from my heart.

*Mahirap din naman sa dilang mahirap  
Umutang ng loob sa di kamag-anak  
Maigi-igi pang utangin ang pera  
Pagdating ng oras ay makakabayad.*

It is also difficult, as to difficulty  
To ask for favors from non-relatives  
'Tis better to borrow money  
When the time comes, we can repay.

*Sa isang maliit at ulilang bayan  
Na pinagtampuhan ng kaligayahan  
Ito po ay mga sabi ng matanda  
Kapanahunan no'n ng mga Kastila.*

In a small and lonely town  
Where happiness was utterly lacking  
This are what the old folks were saying  
'Twas then the era of the Spaniards.

*Nang ito'y tugtugin dahilan sa digma  
Lakas pa ng tugtog, bumagsak sa lupa  
Ano kaya baga't ako ang dumampot?  
Batang alanganin, kulang pa sa loob.  
Kung sa kakanin ay di ikabusog  
Kulang sa linamnam, di gaya ng hinog.*

When it was played because of war  
In its loudness, it fell on the ground  
Why then it was I who picked it up?  
A doubtful child, lacking in will/volition  
Compared to a snack, won't make one full  
Lacking in flavor, unlike the ripe one.

*Susundin ko na po, sapagkat utos mo  
Sapagkat ikaw po'y hindi nagbabago  
Bakâ ang masabi ng alin ma't sino  
Nagbabago-bago'y di ko naman kaso.*

I will now obey because it's your order  
Because you are not changing  
Some might say am everchanging  
Yet this is not even my case.

*Tila naiiba ang tanging layunin  
Nitong mga taong dito'y dumarating  
Kayâ ako ngay-on sa aking pagdating  
Ang magandang bati aking sasabihin.*

The only purpose seems different  
Of these people who are coming  
So that I now in my arrival  
The good greetings I will state.

*Yamang itong âwit ngay-o'y itinanghal  
Sa dagling panaho'y matatapos dapat  
At ang aking âwit, ngay-o'y magwawakas  
Sa inyo pong lahat, maraming salamat!*

Since this *âwit* that is now performed  
In a short while must end  
And my *âwit* will now end  
To all of you, many thanks!

### 11.3. Paawitán Text From Barangay Kalumpang

Barangay Kalumpang contributors are Julita "Tia Juling" Valle Apurado, Fredeswinda "Ate Fresing" Contreras Avila-Carillo, my mother Monica E. Cagahastian-Afable, my maternal aunt the late Hospicia "Tia Picia" Eclavea Cagahastian, and Herminia Sandoval.

*Gitara kong munti, Intsik ang may panday  
Aayaw tumunog kapag walang tágay*

My little guitar, made by a Chinaman  
Doesn't like to sound sans *tágay*

*Aking sinabitan, tingting na kawayan  
Aayaw tumunog pag walang pulutan.*

I put on it a bamboo stick  
Doesn't like to sound sans *pulutan*.

*Ako'y magbibiro sa kadalagahan  
Huwag magagalit pagkat biro lámang  
Karamihan ngayon ay lubhang magaslaw  
Binti ng dalaga ay pinalilitaw.*

I am going to make jokes to the ladies  
Don't get mad because 'tis just a joke  
Mostly nowadays, are so rough/vulgar  
Legs of the ladies are being displayed.

*Binti ng dalaga ay may limang klase:  
May binting ulalo, may binting kamote,  
May binting kawayan, may binting garrote,  
May binting labanos, tadtad pa ng buni.*

Ladies' legs are of five kinds:  
There are legs like worms, legs like camote,  
Legs like bamboos, legs like garrote,  
Legs like radishes, full of ringworms.

*Binti ng dalaga, kung mahaba't payat  
Bukod pa sa payat, p'wedeng pambalibag,  
Yaon kung tawagin ng taga-Mabitac  
Yaon daw ay binti, binting alimasag.*

Ladies' legs, if long and thin  
Aside from being thin, can be thrown,  
That kind as named by those from Mabitac  
Those are the legs, legs of crabs.

*Binti ng dalaga, kung sobra ang laki  
Bukod sa malaki, p'wedeng panghaligi  
Yaon kung tawagin ng taga-Cavite  
Yaon daw ay binti, binting elepante.*

Ladies' legs, if they are too big  
Aside from being big, can be used as post  
That kind as named by those from Cavite  
Those are the legs, legs of elephants.

*Binti ng dalaga, kung malaki't sukóng  
Bukod pa sa sukóng, maaring igatong  
Kung tawagin yaon ng taga-Malabon  
Yaon daw ay binti, binting kinamagong.*

Ladies' legs, if big and bowed  
Aside from being bowed, can be used as fuel  
That kind as named by those from Malabon  
Those are the legs of the kamagong tree.

*May tigas na galit si Aling Kuranggi  
Anak na dalaga'y isinasauli  
Hindi naman pilay, hindi naman bungi,  
Ang pintas mo lámang, pilipit ang binti.*

Madame Kuranggi was very angry  
Lady daughter was being returned  
She is neither limp nor lacking in teeth,  
The only fault is her legs are crooked.

*Kayâ nga dalaga, kung kayo'y lalakad  
Ay magsuot kayo kahit sirang medyas  
Kahit na sekonhan, kahit na may bútas,  
Wag lámang makita binting puro peklat.*

So therefore, ladies, when you walk  
Wear stockings/socks even if worn out  
Even if second hand or have holes,  
So as not to be seen legs full of scars.

*Doon po sa amin, nayon ng Bikuyô  
May nagpapaskuhang Paite at Susô  
Wika ng Paite, kumuha ng pakô  
At ating gagat-an ng pito kabuô.*

*Ang sumagot naman ang Haring Kayuran  
Na kung walang niyog ay huwag nang gat-an  
Ang kutsara't sandok nagpapanabakan,  
Ang apoy at tubig ay nagpapatayan.*

*Ako'y si Butiki, anak ni Bangkalang,  
Pamangkin ng Tuko, apo ng Layagan.  
Kung itatanong mo ang aming pulangan,  
Doon ka magpunta sa Kabayawakan.*

*Tirit ng Maya, tirit ng ibon,  
Huni ng Kulyawan, walang ipalamon.  
Tirit ng Maya, tirit ng matsin  
Ibig mag-asawa'y walang ipakain.  
Tirit ng Maya ang under de saya  
Tirit ng ibon ang under de carson.*

*Kili-kili tatis, kili-kili tasyon  
Bendita tu eres, Sabado ng hapon  
Binabati kita'y di ka man nalingon  
Nagmamadali ka't may panyo kang asul.*

*Ang panyo mong asul dinagit ng lawin  
Dinala sa kahoy, bantang pupugarin  
Sa Linggong sa Linggo, ako'y bibili rin  
Luma na ang iyo, bago pa ang akin.  
Kili-kili tasyon, kili-kili tatis,  
Ang batang maulit, nahingi ng panglís.*

*Ako'y si Sebuyas, ng angkang mataas  
Pag nakapag-alak, ay kukurap-kurap.  
Kung may pera ka man, ibili ng alak  
Malilimutan mo, asawa mo't anak.*

There in our place, barrio of *Bikuyô*<sup>24</sup>  
There were *Paite* and *Susô* Christmas-partying  
The *Paite* instructed to get some edible ferns  
And we will cook with coconut milk from  
seven-whole nuts.

The King Grater answered then  
That if there is no coconut, then don't proceed  
The spoon and ladle quarrel  
The fire and water are killing each other.

I am House Lizard, son of Salamander,  
Nephew of Gecko, grandson of Skink.  
If you will inquire about our clan,  
You go to the area of the Monitor Lizards.

Chirp of the field sparrow, chirp of the bird,  
Sound of the oriole, nothing to feed.  
Chirp of the field sparrow, monkey's sound,  
Would like to get married; has nothing to feed.  
Chirp of the field sparrow, the henpecked husband,  
Chirp of the bird, the unspeaking wife.

Onomatopoeic phrase  
Bless you, a Saturday afternoon  
Was greeting you, you didn't even look back  
You're hurrying up, you got a blue hanky.

Your blue hanky was swooped by a crow,  
Flown into a tree, to be made into a nest  
This very Sunday, I will also buy one,  
Yours will already be old, mine is still new.  
Onomatopoeic phrase  
An unruly child is asking for a spanking.

I am Onion, scion of a noble clan  
When I am drunk, my eyes flicker.  
If ever you have money, buy liquor  
You will forget your wife and children.

Ayaw ko, ayaw kong umibig sa iyo  
Sapagkat ikaw raw ay maraming nobyo  
May pang-araw-araw, may pang-linggo-linggo  
Bukod ang pangp'yesta, bukod ang pamasko.

I really do not like to fall in love with you  
Because you got so many boyfriends  
You have the dailies, the weeklies  
Aside from those for feasts and Christmas.

Ayaw ko, ayaw ko sa lalaking tamad  
Susugal, sasabong, iinom ng alak  
Pagdating sa bahay, pabali-baliktad  
Ang pobreng asawa, siyang binababag.

I really do not like lazy men  
Who gamble, cockfight, drink liquor  
When they reach home a-tumbling  
The poor wife, she is given a beating.

Ang aking manugang ang asawa'y sampu

My son-in-law has ten wives

----- ang buntis ay siyam,  
Mga pusod nito'y ga-ulo ng bawang.

----- nine are pregnant,  
Their navels are as big as garlic cloves.

No'ng unang panahon, sa reynong Borgonya<sup>5</sup>  
May magkaibigang dalawang dalaga  
Mula pagkabata hanggang mag-asawa  
Di naghihwalay ay ang isa't isa.

Long time ago in the kingdom of Borgonia  
There were two ladies who are friends  
Since childhood until they got married  
They have not separated from each other.

<sup>5</sup> from the book *Magcarayap*, ca. 1940's as recalled by my mother in October, 2010.

Ang laki sa layaw, karaniwa'y hubad  
Mabuti pa si Og, may kaunting bahag.

Those who are bred in wealth and ease are  
usually without clothing, Og is better off,  
he has a scanty g-string.

Kami ay bulaklak, kayâ naparito  
Ay sa bulaklak din kami patutungo.  
Naparito kami, 'di man kumbidado  
Makikipag-aluw sa isang tulad mo.

We are flowers, we came here because  
We're likewise going to the other flowers.  
We came over, despite being uninvited  
For entertainment by someone like you.

Ihahabilin ko'y bulaklak na rosál  
Birtud na bulaklak ang aking habilin.  
Ang kaparis nito'y ang mga bituin  
Sa araw at gabi'y laging magniningning.

I am leaving with you a *rosal* flower  
A virtuous flower I am with you leaving.  
This is comparable to the stars  
Will always shine day and night.

Ay kalmen, ay kalmen, magkabila'y bitin  
Ay k'wintas, ay k'wintas, magkabila'y butás  
Ang isa'y sa noo, ang isa'y sa kalmen,  
Ang isa pa nito'y sa mag-Inang Birhen.

Scapulars, scapulars, side by side a-hanging  
Necklace, necklace, with holes on both sides  
One for the forehead, one for the scapular  
Another for the Madonna and Her Child.

*Ako ay nagtanim kapisasong luya  
Tumubo ay gábi, namunga ay mangga  
Nang pipitasin ko'y hinog na papaya  
Nalaglag sa lupa: magandang dalaga!*

I planted a piece of ginger  
It sprouted as yam, fruited a mango  
When I picked it up, 'twas a ripe pawpaw  
It fell on the ground: a beautiful lady!

*Ako ay nagtanim, saging na but-ohan  
Ang pikarong uwak ay tatan-aw-tan-aw.  
Wika ng paniki, wag ka ngang maingay,  
Ako ang sa gab-i, ikaw ang sa araw.  
Maghintay-hintay ka, ay ibong kanugtog  
Hintay, anang tikling, na payungkog-yungkog.*

I planted a seedy banana stalk  
The damn crow was watching  
The bat said, keep quiet  
I'll be for the night, you'll be for the day.  
Wait for a while, woodpecker  
Wait, said the hunchback-walking egret.

*No'ng panahong una, si Sidro ay mahal  
Di pa siya santo, si Sidro nga lámang  
Naglabon ng tugi, hindi ginatungan,  
Magpahanggang ngay-on, tugi ay banlugan.*

In the olden time, Isidro was so loved  
He was not yet a saint, just plain Isidro  
He boiled a *tugi* yam without fire  
Until now, the yam is undone.

*Minsan ay tanghali, ako'y naiidlip  
Sa aming libanan, may lagi-lagitik  
Nang ako'y magbangon at aking sinilip  
Isang baboy-damong tangay ng kuwitiib.*

One noon, I was asleep  
In our yard boundary was a creaking sound  
When I got up and peeped  
A wild boar carried by the mouth of an ant.

*No'ng unang panahong ako ay bata pa  
Ang masalubong mo'y di ko alintana  
Nang ako'y lumaki at naging dalaga  
Pinag-aralan mong hainan ng sinta.*

In the olden times when I was young,  
Anybody who came across wasn't a concern  
Now that I am grown up, a lady  
You studied to offer me your love.

*May nais ka palang pumitas ng rosal  
Di ka naparito nang kapanahunan  
Nang pumarito ka'y lagas na sa tangkay  
Buko ma'y walá na't nása ibang kamay.*

All the while you wished to pick a *rosal*  
You did not come during the season  
You came when 'twas separated from the branch  
Even the buds are gone and in another's hands.

*Ako'y nagtataka sa panahon ngay-on  
Di pa nagsisilbi'y nakuha nang tuloy  
Ang nakakatulad, isang punongkahoy  
Ibig nang pas-ani'y di pa napuputol.*

I wonder in these days  
Service is n'yet done, everything is gotten  
Comparable to a tree  
Would like to carry away but uncut still.

*Ako'y paalam na, di na paririto  
upunta sa bundok, mag-eermitanyo  
Ang napasukan ko'y mababang opisyo  
Magkutkot ng buni sa buong sanlinggo.*

'Tis goodbye now, will not come back *P*  
Will go up the mountain, live like a hermit  
I entered a very lowly chore  
Scratching ringworms the whole week.

#### 11.4 *Paawitán* Text From Munting Bayan Senior Citizens Board of

**Directors and Council of Presidents.** The Tayábas Senior Citizens Federation *mama-maáwits* were Federation President Aristeo Palad, Board Director Ret. Col. +Luis O. Araya of Angustias Zone 1, Treasurer Zenaida “Lola Nida” Jabola of San Diego Zone 2, director and wife Lolo Marcial and Esperanza “Lola Asang” Tabi of Barangay Ibabáng Palále, director and wife Maximio “Lolo Memong” and Lola Mely Naynes of Barangay Mateuna, director Eliminita “Tia Ely” Llaneras- Bajal of Barangay Isabang, Barangay Kalumpang president +Iluminada “Inang Luming-Temio” Abril and companion Nelly “Tia Nelly” de Torres, and director Lazaro Queseá of San Isidro Zone 3. Additional stanzas were provided by Emma Flores of Barangay Masin from her handwritten *kalipino*.

*Labas na’y labas na, kung sinong lalabas  
Tugtog ng gitara ay bakâ lumipas.*

Come out, come out, whoever will come out  
The music of the guitar may pass away.

*Inom na’y inom na, sa kamay ko gáling  
Sukdang ito’y lason, hindi ka tatalbin.  
Kung magkasakit ka, sa akin ang dahil  
Malayo man ako’y iyong ipagbilin.*

Drink now, drink now, coming from my hand  
Even if it is poison, you will not be affected.  
If you become sick, I am the reason  
Though I am far away, call upon me.

*Ako ay nautusan, hindi makatanggi  
Ang tumanggi nama’y hindi mangyayari  
Subalit kung sundin pagpipitang yari  
Ay kapurihan din sa táong marami.*

I was ordered, I cannot resist  
Resistance, meantime, will not happen  
But if I obey their desires/wishes,  
Praise from the people will be mine.

*Ang tagay na iya’y di ko iinumim  
Ang timtiman lámang, di ako titimtim  
Kung tana isayaw at sakâ sunungin  
Kung tana ikunday, ako’y iinumim din.*

That *tagay* I will not drink,  
Just to taste it, I will not taste  
Unless it is danced and placed on the head  
Unless it is hand-swayed, I will then drink.

*Ano kayáng aking naging kasalanan  
At ako ay inyong pinarurusahan?  
Hindi naman bato, hindi naman bakal  
Kung tatayahin ko’y di ko makayanan.  
Pasok sa karsel, aking bilangguan  
Narito na nga po at sunud-sunuran.*

What fault have I done  
That I am being punished by you?  
It is neither stonerock nor metal,  
If I estimate it, I cannot seem to take it.  
Enter the carsel, my jail  
Am here and following.

*Yaring katawan ko’y kung ako ay asin  
(Ay) natunaw na lamang sa inyong paningin  
Mga mukha ninyo’y kamukha’y patalim  
Na siya na nga yatang papatay sa akin.*

This, my body, if I am a mound of salt  
I could have melted from your looks  
Your faces are like sharp objects  
That would kill me.

*Sinusulyap-sulyap, nililingon-lingon  
Itinuturo pa, ang wika ay 'doon'  
Pagdating sa gitna ay pabiling-biling  
Mamá'y kunin mo na't 'pakita sa akin.*

*Ako ay si Dusa, kakambal ni Hapis,  
Pinsan ni Dalita, anak ni Hinagpis.  
Kayâ naparito'y aking kinikita  
Ang nawawala kong sintang si Ligaya.*

*Si Ligaya na nga, walâ at nagtagò,  
Ako ay pupunta, pinsang si Tumurò.  
Nahipan ng hangin ang nagsusumamò,  
Ay bakâ maagnas ang pita sa pusò.*

*Si Ligaya na mga, wala't di makita  
Ako ay pupunta, pinsang si Suminta  
Sa tulong ng aking pinsang si Magtiis  
Ay bakâ maagnas ang tigas ng dibdib.  
Pagdating ko roon, tatawagan kita  
Nasaan ka, Neneng? Kay tamis suminta!*

*Tilaok manok, huni ng kulyawan  
(Ay) Kung aking wari'y ako'y tinatawag  
Ang aking pangaral kung nais mabatid  
(Ay) Inyong ipagtanong kay bunsong magiliw.*

*No'ng unang panahong ako'y batang munti  
Ang aking panata, ako'y magpapañ.  
Nang makakita na ng magandang binñ  
Ay nalimutan na itong pagpapañ.*

*Ako ay bulaklak na iisa-isa  
Pinakamamahil ng ama ko't ina  
Kung pipitasin mo't dadalhin sa dusa  
Mahanga'y sa punò, malaglag, malanta.*

*May isang tanghali, ako'y naiidlip  
Sa aming bakuran, may umalagit-it  
Ako ay nagbangon at aking sinilip  
Isang baboy-damong natangay ng ipis.*

Being gazed, head being turned, (Ay)  
Still finger-pointed, said 'there'  
Upon reaching the center, head a-turning (Ay)  
Man, get it now and let me see.

I am Suffering, twin of Sorrow,  
Cousin of Poverty, son of Grief.  
I came here because I am meeting  
My lost love, Joy.

This Joy, who is lost and in hiding,  
I am going to my cousin To-Point-Out.  
Windblown, the one who pleads,  
The desire in his heart may melt.

This Joy, who is lost and cannot be found  
I am going to my cousin To-Fall-In-Love  
With the help of my cousin To-Bear  
The hardness of the heart may melt.  
Upon reaching there, I will call upon you  
Where are you, Neneng? How sweet to love!

Cock-a-doodle of the rooster, chirp of the oriole  
I perceived I am being called upon  
If you want to learn my admonitions  
You have to ask my beloved youngest.

In the olden days, when I was a little kid  
I promised myself that I'll become a priest.  
When I saw some beautiful legs  
This becoming a priest was forgotten.

I am an only flower  
Dearest beloved of my father and mother  
If you'll pick me and bring me to suffering  
Better for me from my tree to fall, wither.

One noontime, I was asleep  
In our yard was creaking sound  
I got up and I peeped:  
A wild boar carried on the mouth by a roach.



<i>Magpahanggang-ngay-on, nanguros-nanguros</i>	Up to now, signs of the cross
<i>Magpahanggang-ngay-on, suno sa paragos.</i>	Up to now, carried on a sledge.
<i>Ang pagparito ko'y walang naghahatid</i>	My coming over here has no guide
<i>Tila may kung anong inihip ng hangin.</i>	As if there is something blown by the wind.
<i>Kung itatanong mo kung saan nanggaling</i>	If you will ask where I came from
<i>Kay Aling Polanang si kun-ay ang titser.</i>	From Madame Polana whose teacher is this unnamed one.
<i>Ang huni ng ibon sa gitna ng gubat</i>	The bird's sound in the middle of the forest
<i>Kung aking isipi'y ako'y tinatawag.</i>	If I may think, I am being called upon.
<i>Sinulid na iya'y itali sa hangin</i>	That piece of thread, tie it on a wind
<i>Ang áwit nang áwit ang papagpigilin.</i>	Let the one who sings without let-up hold it.
<i>Magpautang ka na, ikaw ang mayroon</i>	Please lend, you are the one who have
<i>Magbabayad kami, hindi maglalaon.</i>	We will repay, it will not take long.
<i>Ano bagá ale pakay mo sa akin</i>	What, lady, can I do for you
<i>Ang pautangin ka'y di ako sisingil</i>	To lend you, I will not demand payment
<i>Pagdating ng búkas, bubukás-bukásin</i>	When tomorrow comes, still the next days
<i>Pagdating ng Linggo'y sa Linggo pa mandin.</i>	When Sunday comes, this very Sunday still.
<i>May karunungan ma'y saká natatago</i>	Knowledge even if it is hidden
<i>Hindi nakikita sa manggas ng baro.</i>	Cannot be seen from the clothes' sleeves.
<i>Ang karunungan nga, kung ito'y totoo</i>	Knowledge if it is true
<i>Di rin nakikita sa mga sanggano.</i>	Cannot be seen from the rogues.
<i>Si Aling Polana ay pagay-on-gay-on,</i>	Madame Polana does this and that
<i>Nag-aanyong bata, hindi laang sanggol.</i>	Acting like a child, not an infant.
<i>Marunong umáwit, marunong magsunong,</i>	Knows how to sing, to carry on the head
<i>Ano't ang reklamo ngay-o'y patung-patong?</i>	Why now complaining one on top of another?
<i>Si Aling Polana, magandang babae</i>	Madame Polana is a beautiful woman
<i>Ang ta'e'y pandesal, ihi'y tsokolate</i>	Eating pandesal, drinking chocolate,
_____ biskotso, _____	_____ bischocho, _____
<i>Ang kanyang tutuli, ay puting merengge.</i>	Her earwax is white meringue.
<i>Mahal na prinsipe, ay h'wag kang kalulong</i>	Beloved prince, do not be too absorbed
<i>Sa pamamangka mo, dagat ay maalon</i>	In your boat-sailing, the sea has big waves
<i>Di kaloob ng D'yos, mabasá ang timon</i>	Not by God's will, the sail may get wet
<i>Ang mapalibing ka'y walá ni kabaang.</i>	To be buried, not even a coffin you'll have.

*Tindig na po, ale, at nang di malaon  
Ang sunong mong tagay ay ibigay doon.  
Abot, abot, kuha, mahal na bituin  
Ang nagreregalo h'wag pakahiyain.*

Stand up now, lady please, so you won't delay  
The *tágay* on your head, give it there.  
Reach out, get it, dear star,  
Do not embarrass the gift-giver.

*Dito natitingnan at nasusubukan  
Ang galing ng tao sa pag-aawitan.*

It is herein tried and tested  
The mettle of a man in singing.

*Meron pa po akong ibang karunungan  
Di naitatanong, ay ang palasayaw.*

I still have some talent reserves  
Though not asked, I dance.

*Itong aking tandang, láwit na ang palong  
Hindi na po káyang tumuka't sumulong . . .*

This rooster of mine already has fallen crown  
Neither can it peck nor advance anymore . . .

*Ako'y paalam na't magpapailaya,  
Tatawid ng ilog at mangangarsada.  
Pagdating sa bahay, ako'y maglalaba,  
Agos pa ng tubig, kaiga-igaya.*

Goodbye now, am going northbound  
Will cross a river then walk a cemented road.  
Upon reaching home, I will wash clothes,  
More so, the water flow is so delightful.

### *C. ADDITIONAL AWIT STANZAS 2012-2016*

#### Drinking:

*Ako'y kakanta na, kakanta rin lámang  
Ugali ng ako'y napaghihilingan  
Kung ako'y nanghiya sa pagkanta lámang  
Bakâ ako ay din kung ako'y mangutang.*

I will now sing, as to sing I have to  
Because I am requested to  
If I have caused shame only in singing  
May boomerang to me if I will borrow.

*Ako'y kakanta na ang sabi mo'y utang  
Pagkatapos nama'y iyong babayaran  
Pag sinabing hingi ay walang anuman  
Pag sinabing utang, pilot babayaran.*

I will now sing, you said 'tis a debt  
Thereafter you have to pay  
When 'tis named a request, that's nothing  
When 'tis named a debt, it must be paid.

#### On humility:

*Tunay, ang kawayan habang tumutubo  
Mataas na langit ang itinuturo  
Ngunit pag tumanda at sakâ lumago  
Sa mababang lupa doon din yuyuko.*

Truly, the bamboo while it grows  
Points to the high heavens  
But when it grows old and abundantly  
To the lowly land too will it bow down.

### Parangal (Homage):

*Sa kapangyarihan ng Amang Bathala  
Nayari ang langit at sakâ ang lupa  
Ang naging batayan nitong Manlilikha  
Ay isang pag-ibig na kahanga-hanga.*

By the power of God the Father  
Heaven and earth were created  
The basis of the Creator  
Is one love that is awe-inspiring.

*Mag-ibigan tayo ang wika ng Diyos  
Mula nang lalangin itong sansinukob  
Ang batas na iyan ay banal na utos  
At pinatibayan nitong Mananakop.*

Let us love one another God said  
From the creation of this whole universe  
That law is a holy rule  
And was confirmed by the Creator.

*Ang dakilang Kristo ang kakristyanuhan  
Ang nakop sa ating mga kasalanan  
Ang siyang sumaksi sa katotohanan  
Lahat-lahat táyo'y dapat magmahalan.*

The great Christ, the Christendom  
Who saved us from our sins  
Who testified to the truth  
All of us should love each other.

### From Nanay Sedeng's late father:

*Ibabang Palále no'ng unang panahon  
May tatlong bulaklak na doo'y sumibol  
Isa'y inihain sa Diyos na Poon  
At ang dal'wa nama'y tinuka ng ibon.*

*Ibabang Palale* in the olden times  
Three flowers there a-bloom  
One was offered to the Lord God  
And the other two were pecked by the bird.

*Yaon namang isa kahit tinuka man  
Ay nagseserbe rin sa punò't tangkayan  
Yaon namang isa kahina-hinayang  
Nalaglag sa lupa, sa tubig lumutang.*

The other one even when pecked  
Is still serving the tree and its branches  
The other one is so pitiful  
Fell on the ground, floated on the water.

### Oyayi (Lullaby):

*Tulog na, tulog na, aking umispako  
At kita sa Linggo dadalhan ng bago  
H'wag ka na lámang sa iba pahipo  
Sa isang Sabado'y sáya nama't baro.*

Sleep now, sleep now, my baby  
And I will bring you on Sunday a new one  
Just don't let yourself be touched by others  
On next Saturday, will be *saya't baro*.

*Hoyo-hoyo rine, hoyo-hoyo riyan  
Parang nag-iwi bata sa aluyan.*

*Hoyo-hoyo* here, *hoyo-hoyo* there  
Like weaning a baby on hammock.

*Tulog na, tulog na, ako ay gigising  
Gigisingin kita kumbaga't kakain*

Sleep now, sleep now, I will get up  
I will wake you up when 'tis time to eat

*Gising ko sa iyo, bangon na si Neneng  
Parine na Bunso, lalamig ang kanin.*

Am waking you up, get up Neneng  
Come here Youngest, rice will turn cold.

*Nalutang ang bato, nalubog ang yangit  
Araw na malamig at buwang mainit.*

The stone floats, dried leaves sink  
Cold sun and hot moon.

*Kung ako ay iyong sinisintang tunay  
Bakit iniwan mo sa gitna ng parang?*

If you really love me  
Why leave me at the center of the field?

### *Kortes/Kurtisiya (Courtesy):*

*Sa pagkakahimlay sa gitna ng dilim  
May mahinhing bango sa aki'y gumising  
Nang ako'y magbangon at aking hanapin  
Di na matagpuan kung saan nanggaling.*

*Aking tinalunton ang mahinhing bango  
Na mapanghalina, bulaklak ng liryo  
Liryong mahiwaga, saan ka naroon?  
Kita'y tinatawag, bakit di tumugon?*

*Di mo ba narinig ang aking panaghoy  
Sa laot ng dusa ay luluyong-luyong?*

*Dumalagang manok na nása ruweda  
Ang pamumutak mo'y di naming importa  
Pagaspas ng bagwis, pilantik ng paa  
Ang siya po naming gahinahanap pa.*

### On catching wild boar (*baboy-damo*) in the olden days:

*No'ng unang panahon gawang pamamanting  
Sa madaling araw kami'y dumarating.*

*Pagsikat ng araw ay nakahanda na  
Kaming tatalayba ay sama-sama na  
Pagsikat ng araw ay nakahanda na  
Sa kaniyang tayô, kami ay handa na.*

*Pagbatok ng aso ay pupunuan na  
Ang paghihiyawan ng mga talayba.*

*Ang sabi ng bugaw dali't malapit na  
Mga baboy-damo mauunahan ka.*

*Ang sagot ng bugaw kayo'y umakyat na  
Sa dulo ng kahoy doon mamahinga.  
Ngunit nang mahimbing nakapagtataka  
Ang Elena'y buntis, ang kaparte'y dal'wal*

### *Áwit sa Kasálan (Wedding)*

From Barangay Ibabáng Palále, in the files of Tayábas Senior Citizens Federation, office of the Presidents Mr. & Mrs. Aristeo Palad, Angustias Zone I, Ermita, Tayábas City, on 19 November 2016.

*Kayong dal'wang puso ngayo'y pinaglakip  
Sa harap ni Kristo at ng Birheng ibig.  
Pag-ingatan ninyo na huwag magahis  
Sa hibo ng mundo, lilo at balawis.*

*Yaong sakdal dilag santo matrimonyo  
Sakramentong gáling sa poong si Kristo.  
Sa dibdib umagos, pitong sakramento  
Laan sa lahat na kung tungkol Kristyano.*

*Ang dalawang puso ninyong magsing-ibig  
Ngayo'y pinag-isa, sakdalan sa linis.  
Padrino't madrina ang saksing mahigpit  
Sa pagtatanggapan sintang walang dungis.*

*Idinulog ninyo sa harap ng altar  
Na ang matrimonyo hindi durungisan  
Ang tamis ng sumpa ng nagdaang araw  
Ngayong pinag-isa hanggang sa libingan.*

*Ang singsing na ginto at kadenang pilak  
Ang sa iyong nobyo taming iginawad  
Ng mahal na nobyo sinta mo at liyang  
Sampu pa ng tandang marilag na aras.*

*Ang kadenang pilak ay taling mahigpit  
Ninyong dal'wang pusong ngayo'y pinaglakip.  
At taling matibay magpahanggang langit  
Siyang ihahayin sa Diyos na ibig.*

*Sa harap ng altar ng Poong si Hesus  
Yaong konsagradong belong maalindog  
Ay tinanggap ninyong laging nasasaklob  
Sa ulo ng nobio, esposa mong irog.*

*Kayâ ikaw namang hinirang na nobyo  
Isinabalikat konsagradong belo.  
Sakaling may hîrap na daratnin kayo  
Kahit anong bigat pagtitiisan mo.*

*Kayâ ipinutong ikaw namang nobya  
Konsagradong belo sa ulo mo бага  
Ikaw ang may ingat ng puri at onra  
At dangal ng iyong hirang na asawa.*

*Kayong mag-asawa h'wag maghihiwalay  
At kayong dalawa'y iisang katawan.  
Ibigin mo siya, ibigin ka naman  
Sundin mo ang utos at sundin ka naman.*

*Kung sakali pa nga't iyong kahinatnan  
Ang maging api ka sa kinaragdagan  
Magugunita mo ang pagpapalaway  
Ng ama't ina mong matamis magmahal.*

*Madlang kasayahan ngayo'y limutin mo  
Itanim sa puso gawang mahistrado.  
Aral at habilin ng poong si Kristo  
Sadyang inilagag ng Pastor Divino.*

*Ngayon ay ligaya iyong tatanggapin  
Kung ika'y matuto sa esposang giliw.  
Kung magkalisya ka't magkulang sa lining  
Kahirapa'y siyang kakaalayawin.*

*Ngayon sasapit ka sa tadhanang oras  
Kung datnin mo, bunso, sasapiting palad.  
Iba na sa dati at di mo talastas  
Ang tatanggapin mo, kung tuwa o hîrap.*

*Matrimonyo ninyo'y pakamamahalin  
At sa inyong puso'y tanging na itanim.  
Mga hibo't daya ng demonyo'y al'sin  
At ang pagsasama pakalilinisin.*

*Pakaingatan parang isang rosas  
Na iminasitas sa hardin ng liryo  
Kung ito'y maluoy, masira, malanta  
Sampu ng punò nga'y wala nang halaga.*

*Nguni't kung mabuti ang pangangalaga  
Malago ang punò, ang daho'y sariwa  
Sa ngayo'y malabay, sa lilim sagana  
Sino mang titingi'y tiyak matutuwa.*

*Ito ang katulad at nakakabagay  
Ninyong mag-asawa sa pagsusunuran.  
Kung ang pagsasama malinis, mahusay  
Matrimonyo ninyo magiging uliran.*

*Sukat hanggang dito yamang inyong tanto  
Piliin ang baling magaling sa puso.*

### *Handog sa Kinasalan*

From Victorio C. Naynes, 13 September 1934, Barangay Mateuna, Tayábas. Halaw ni Anselmo  
“Lolo Memong” Naynes, Tayábas Senior Citizens Federation files, accessed 19 November 2016.

*Pagtitipong ito na may kamahalan  
Ako'y nagbibigay ng puspos na galang  
Pagkat sa ugaling aking kinagisnan  
Gumalang at upang igalang ka naman.*

*Una'y pasintabi sa tanang narito  
Sanáy at bihasa sa larong ganito  
Kung ako'y mamali sa koma at punto  
Kayo ang bahalang magpunò't maghusto.*

*Ang bubuklatin kong munting kasaysayan  
Ay ukol sa ating mga pagdiriwang  
Kung pagwariin ko'y kayong kalahatan  
Masayang-masaya dahil sa kinasal*

Ngunit ang wika ko'y huwag kalubusin  
Iyang kasayahan sa puso't panimdim  
Ang alalahani'y panahong darating  
Kapag may umaga ay may takipsilim.

Wala pang seguro sa iyong paglakad  
Kahit ang hakbang mo'y totoong banayad  
Kung magkaminsan mo'y sa isang palanas  
Tuyo man ang daa'y napapadumpilas.

At gayundin naman ang agos ng tubig  
Mayroong panahong lubhang matahimik  
Ngunit kung dumating ang sigwang mabilis  
Ang katahimika'y biglang liligalig.

Ang buhay ng tao ay gayundin naman  
Karamihan itong ating namamasdan  
Hanggang bago-bago'y ang pagsasamahan  
Parang pipit puso ang pagmamahalan.

Walang likat na di pagsuyo tuwina  
Ang inihahandog sa sintang asawa  
Kahit kapirasong kakaning bala na  
Pinagsasaluhang namnam ang lasa.

Ngunit gunitaing sa lakad ng buhay  
Ang lahat ng sayá ay may katapusan  
Ang pagmamahala'y kapag nasaputan  
Ng ulap ng dilim sa katanghalian.

Nariyan ang isang matinding pas-anin  
Kapagka mayroong gumawa ng lihim  
Malilimutan na ang suyo at lambing  
Ang dating masayang mukha'y kukulimlim.

Dagling maglalaho ang kaligayahan  
At magugunita ang nagdaang araw  
Tuloy mawiwika sa sarili lamang  
Mabuti pang ako'y mag-isang mabuhay.



*Kapatid na giliw iyang pagsisisi  
Kapagka huli na'y walang mangyayari  
Anumang gagawi't mauuna'y sisi  
Asahan mo't walang gawang mapeperde.*

## ARAL

*Ang pag-aasawa'y kung pag-iisipin  
Magaang mabigat, masamang magaling  
Kung nagkakasundo'y magaang dadalhin  
Pag hindi sumama'y tunay na magaling.*

*Tikis na nga lámang hindi maiwasan  
Itong matrimonyong pinagpipilitan  
Hindi natatantong ito'y parusahan  
Sa init at lamig ay namamagitan.*

*Lisanin ang ama't inang nagkandili  
At ang sinunod mo'y loob mong sarili  
Ang iiwanan mo'y ginhawang parati  
Gumawa ka't di ma'y di ka sinisisi.*

*Tapos na ang layaw, tapos na ang lahat  
Mga kasayahan at gintong pangarap  
At ngayo'y ang inyong buhay na hinarap  
Ang pakikibaka sa ginhawa't saklap.*

*Anupa't ang inyong nasapit na búhay  
Parang nakukulong sa 'sang hawlang bakal  
Ibig mang lumabas magsayá't magdiwang  
Di na mangyayari, may kadenang pataw.*

*Dáting kaibiga'y lalayo nang lahat  
Di gaya ng dáting lagi mong kausap  
Harana't sayawa'y di na malalasp  
Dahil sa asawang susundin nang tapat.*

*Kayâ ang wika ko'y loob mo tibayan  
Sa pinasukan mong bagong kabuhayan  
Hapis at dalita'y iyong pagtiisan  
Upang maging ganap ang pagmamahalan.*

*Nagsala-salabat sa balát ng lupa  
Ang maraming tukso na lumilipana  
Pakaingatan mong ikaw ay madaya  
Nang di maging daan ng ikasasama.*

*Kung ikaw babae gumawa ng sala  
Pilit magagalit ang sintang asawa  
Ikaw na lalaki gayundin sa kanya  
Kayâ pag-ingatan ang sala tuwina.*

*Kung kayo'y tumanggap masamang balita  
Sinuman sa inyo'y huwag mabibigla  
Bago magparusa'y iisipin muna  
Bakâ di totoo't ang balita'y likha.*

*Kung saka-sakaling ang isa'y magalit  
Ang isa sa inyo'y huwag nang iimik  
At inyong antayin ang gabing tahimik  
Marahang itanong ang ikinagalit.*

*At ang pagtatanong ay huwag gahasa  
Haluan ng lambing sa mga salita  
Ang usapan ninyo'y maraha't mahina  
Kung may natutulog, nang di magambala.*

*At ang pagtatalo'y huwag isisigaw  
At inyong daanin usapang marahan  
Da'nin sa malamig at sa malumanay  
At kahiya-hiya sa kalapit-bahay.*

*Sinuman sa inyong gumawa ng lihis  
Da'nin sa pangusap, salitang malamig  
Huwag nang bibigkas salitang masakit  
Sa kasing esposong kabiyak ng dibdib.*

*Ikaw na babae tungkuli'y sa bahay  
Manulsi ng punit, maglaba't magsimpan  
At ang asawa mong nása hanapbuhay  
Kung basáng dumating, bihisa'y ilaan.*

*Sa pangungusina naman ay gayundin  
Huwag pabayaang walang lutong kanin  
Kung saka-sakaling asawa'y dumating  
Kung may luto ka na'y madaling ihayin.*

*Ang anumang bagay na bawal sa iyo  
Huwag mong gagawi't nang hindi magtalo  
Pangangaperbahay pakailagan mo  
Diyan nagmumula ang masamang tukso.*

*Huwag pagkaalis ng iyong asawa  
Ay aalis ka ri't dadayo ng hunta  
Walang mapapala sa ganiyang hunta  
Kundi pag-usapa'y ang buhay ng iba.*

*Na ang dulo't sundo'y pagdating ng wakas  
Siniraang puri, ngayo'y manunumbat  
Para kang kumuha ng batong matigas  
Na sa ulo mo ri'y siyang ihahampas.*

*Huwag padadala sa tuksong masama  
Alam mo na namang mundo'y magdaraya  
Lingapi't mahalín ang asawang mutya  
Magsalo tuwina sa ligaya't tuwa.*

*Dati mong ugali sa pagkadalaga  
Sa panahong ito'y lilimutin mo na  
Ang pag-aralan mo'y ang pakikisama  
Sa kinaragdaga'y manuyo tuwina.*

*Asal kabil-ani't igaling mahalay  
Huwag mong gagawin sa kinaragdagan  
Kung may ginagawa'y huwag mong titingnan  
Kundi tumulong ka ng makakayanan.*

*Kayâ ang wika ko'y magpakatimbang ka  
Sapagkat mahirap gawang mag-asawa  
At wala na namang tunay na ginhawa  
Kung magkakasundo kayong magsasama.*

*Kahit kani't asin ang pang-araw-araw  
Masarap na ito kung di nag-aaway  
Kahima't sagana sa isda at ulam  
Kung kayo'y magulo'y walang kasaysayan.*

*Kung pagsulitan ka ng iyong asawa  
Ng munting salaping kaniyang kinita  
Anumang bibilhi'y ang iba'y itira  
Na kung may sakuna'y mayroong magasta.*

*Ang batis at ilog hindi laging baha  
Mayroong panahong nagkakating bigla  
Kayâ ang mag-impok ay hindi masama  
Kapag may 'sinuksok, may matitingala.*

*Ang magpakababa't ugaling banayad  
Ay kapuri-puring malasin ng lahat  
Ngunit ang mababang mag-anyong mataas  
Sa mata ng tao'y lason at kamandag.*

*Tungkulin mo naman esposong marangal  
Humanap tuwina ng ikabubuhay  
Agapan ang gising sa madaling-araw  
Nang 'di tanghalii'y gamit ay ilaan.*

*Salaping kinita'y lahat ay isulit  
Sa asawang giliw, huwag maglilingid  
Magtapat na lagi sa esposang ibig  
Nang kayo'y purihin ng Diyos sa langit.*

*At kung malulungkot esposa'y aliwin  
Huwag pagsabihan ng nakakahirin  
Alalahanin mong iya'y bahagi rin  
Ng iyong katawang dapat mong mahalín.*

*Sa minsang pagdaing ng sakit ng ulo  
Ihanap mo agad ng isang mediko  
At bakâ sakaling magkasentimyento  
Kayâ kailangan agad ng remedyo.*

*Matrimonyo ninyo'y kung baga't magbunga  
Inyong tuturuan ugaling maganda  
Nang di maging kargo sa Diyos na Ama  
Ang magandang asal inyong ipamana.*

*Huwag pabayaang lumaki sa layaw  
Turuan ng gawa na makakayanan  
Ang batang lumaki't sa bisyo namuhay  
Kung hindi busabos, ganid at halimaw.*

*Ang dadagdagan mo'y sipag at tiyaga  
Hindi ka na ngayon paris ng binata  
Kawalan sa bahay ikaw ang bahala  
Bago ka umalis iyong ihahanda.*

*Na kung umalis ka at nakahanda na  
Bigas, ulam, tubig, kahoy at lahat na  
Sa iyong tungkuli'y nakakaganap ka  
Walang mawiwika ang kasing esposa.*

*Kung nakahanda na ang mga lutuin  
Nakasiguro kang darating ay hayin  
Ngunit kung wala kang iniwang kakanin  
Ang abang babae, saan pakukunin?*

*May suliranin pang aking nalimutan  
Sasabihin ko ri't nang iyong maal'man  
Na bakâ sakaling sa daraang araw  
Ang bagay na ito'y inyong pagdanasan.*

*Na kung dumating ka't walang lutong kanin  
Ang iyong asawa'y huwag sisisihin  
At bakâ mayroong lagnat na salimsim  
O kung dili kayâ ay may batang munting.*

*Ang bagay na iya'y kung bagâ sumapit  
Walang katuwirang ikaw ay magalit  
Anupang gagawin kundi ang magtiim  
Tawagan na lámang ang Diyos sa langit.*

Ang bagay na ito'y sinalita ko man  
Ay bahala ka na namang makiramdam  
Bakâ kayâ gayon ang kaniyang asal  
Ay naglalaro na ng apoy sa kalan.

Ang pagtitiwala'y huwag kalubusin  
Ang iyong mamasda'y ang kilos na lihim  
Bakâ ang ulo mo'y gawing patubiling  
At parang manika na gagalawanin.

Iya'y suliraning kabig-at-big-atan  
Na dito sa mundo'y wala nang kapantay  
Kayâ ang babae kung mabuti mahal  
Apdo at kamandag kung sumama naman.

Hindi baling ika'y magtiis ng hiras  
Kung ang asawa mo'y tapat sa pagliyang  
Ngunit kung balawis at may asal sukab  
Iyong parusahan ng ukol at dapat.

Karapatan iyang gagampanan mo na  
Mahirâp-hirâp ma'y mag-aaguwanta  
Ang hiras sa iyo ng ama mo't ina  
Sa panahong ito'y magbabayad ka na.

Huwag isusukal ng puso mo't loob  
Anuman ang hiras sa iyong idulot  
Sa tungkuling iya'y walang nag-uutos  
Ang kagustuhan mo'y siyang sinusunod.

Nang nása piling ka ng iyong magulang  
Husto ang tulog mo gumawa ka't di man  
Sa panahong ito ang tulog mo'y himlay  
Pagkat mayroon kang sagutin sa búhay.

Ang biyanan ninyo'y huwag kalimutan  
Dalawin kahit na minsan sa sambuan  
At doon mahigang magdamag man lámang  
Nang hindi masabing masamang manugang.

*Kung bagá dumating ang kinabukasan  
Ikaw na lalaki mag-ula man lámang  
Maglabit ng kahoy pag-uwi ng bahay  
Parang bigay-loob sa iyong biyanan.*

*At bago umalis usisain muna  
Ang tapaya't galong, bigasa't lahat na.  
At kung walang tubig dumadlo ka muna  
Magbayo kung walang bigas na natira.*

*Kung mayroon naman na magkakaramdam  
Sinuman sa inyo na kinaragdagan  
Dadalawin ninyo't dalhan ng anumang  
Mga makakaing sa sakit ay bagay.*

*Kung may pagpipiging ay huwag aalis  
Kung sa inyo'y walang gawaing mahigpit  
Pangilagan ninyo'y ang maghinakit  
Na kung ikaw naman sila'y magsilapit.*

*Lalong-lalo na nga'y ang inyong biyanan  
Kung may karamdama'y huwag iiwanan  
Piliting hanapin lunas kagamutan  
Sa magulang ninyo'y nagbigay ng búhay.*

*Ang asahan ninyo'y pag may itinanim  
Darating ang araw na may aanihin  
Ang masamang punla'y hindi pa nasupling  
Ay nag-aabang na uhod na kakain.*

*At bago lisanin ang inyong biyanan  
Magmamano muna't hahalik ng kamay  
Ito'y isang tanda ng buong paggalang  
At sunod sa batas ng magandang asal.*

*Marami pang lubha kung pag-iisipin  
Mga kahirapang pilit dadanasin  
Ang nasabi ko na'y munting bahagi rin  
Kabuhayan ninyong pilit dadanasin.*

*Hanggang dito ako't mahaba na yata  
Mga nakikinig, ay bakâ sumawa  
'Di naman pangaral ang aking ginawa  
Kundi alaalang lubhang masagana.*

*Kung may mali ako sa ipinahayag  
Walang magagawa't dagliang sinulat  
Utang ko nang loob ilihim ang libak  
Ako ngang si Naynes, nahingi ng tawad.*

### *Sa Kinasalan*

From Lola Pitang Bojos, Munting Báyan, Tayábas. Accessed 16 November 2016 at Tayábas Senior Citizens Federation files.

### *Para Sa Lalaki*

*Mga maginoong dito'y napipisan  
Sa lipunang ito'y parang isang aral  
Ako'y bumabati ng puspos na galang  
Tuloy humihingi ng katahimikan.*

*Pagkat sa akin po ay may nag-importa  
Ang magmanukala ng ganitong sayá  
Tutuparin ko po't bibigyang-halaga  
Sa abot ng aking munting makakaya.*

*Pagkat ito'y araw na katangi-tangi  
Ng dalawang pusong ngayo'y pinagtali  
Dapat ipagdiwang tuloy ipagbunyi  
Handugan ng ating maligayang bati.*

*Yamang sa dambana ng pagkakasundo  
Inyong pinagbuhol dal'wa ninyong puso  
Ito'y katuparan ng sumpa't pangako  
Kamatayan lamang ang makakasugpo.*

*Kaya po dahil d'ya'y inyong pagdamutin  
Pakinggan ang aking mga tagubilin  
Tagubiling ito'y kung inyong tuparin  
Maligayang búhay hari nga'y sapitin.*



*Tapos na sa inyo'y ang layaw at tuwa  
At kaligayahang mapagmalik-mata  
Ang lambing at suyo ng asawang mutya  
Siyang tanging tinig na mauunawa.*

*Tantong matrimonyo ay ang iwing dangal  
Magaang pas-anin kung pagtutulungan  
Subalit siya ng kabig-at-big-atan  
Sakali at hindi mag-uunawaan.*

*Pagkat ang tungkulin ang isang lalaki  
Ay pakamahalin ang asawang kasi  
Magsunuran kayo tungkol sa mabuti  
Sa mata ng lahat ipagkakapuri.*

*Kung no'ng unang dako binata pa kayo  
Nawiwili ka man sa barkada't bisyo  
Akala mo ngayon pagbabawahan mo  
At baká pagmul-an niyong pagtatalo.*

*Ikaw nga ang bisig ng iyong asawa  
Mga bunso ninyo sa iyo aasa.  
Kung di ka mag-impok at matugagas ka  
Siguro'y hindi ka bibigyan ng iba.*

*Dating sawikain kapag may inimpok  
Kung magigipit ka ay may madadampot  
Igi nang may impok kahit kakarampot  
Kung kailangan mo ay may madudukot.*

*Ikaw man ay bago umalis ng bahay  
Ihanda mo muna mga kailangan  
Iwasang masangkot sa masamang bagay  
Na sa asawa mo'y magbibigay lumbay.*

*Isa pa'y ang gawang pagmamalibangin  
Sa mga sabungan, sugal ay limutin  
Pagkat iyong bisyo kundi lilimutin  
Asawa't anak mo'y tatangis nang lihim.*

*Sa paglilibang mo, iwasan ang sabong,  
Mahjong at babae, tong-it at pangngig-gi  
Huwag kang tutulad sa ibang lalaki  
Ang inaasaha'y sikap ng babae*

*Kung dumating pa'y sa inyong sarili  
Ikaw pa ang siyang mag-aasal tigre.  
Kung marahuyo kang uminom ng alak  
At sakâ may bisyong sumugal magbakrat*

*Mapapabayaan ang asawa't anak  
Na siyang karamay sa dusa at hirap.  
Huwag mong lilimutin ang iyong pagsimba  
Kung araw ng Linggo, pangilin lalo pa.*

*Kung matutupad mo ikaw ay umasa  
Di ka lalayuan ng ating Bathala.*

#### **Para Sa Babae**

*At ikaw babaeng ilaw ng tahanan  
Dangal ng lalaki sa kapamahayan  
Inang magbibigay ng magandang aral  
Sakali't magbunga ang pagmamahalan.*

*Kung no'ng dalaga kay sunod mo ang tuwa  
Layaw sa magulang mulang pagkabata  
Maging matimpi ka't ang asawang mutya  
Paglilingkurang mong hinaho't payapa.*

*Tapos na sa inyo ang layaw at tuwa  
At kaligayahang mapagmalikmata  
Ang lambing at suyo ang asawang mutya  
Siyang tanging tinig na mauunawa.*

*Ngayo'y iingatan pangangapit-bahay  
Parini-paroon, walang pinapanaw.  
Pag-iingatan mo't ang bagay na yaan  
Marubdob na mitsa ng panibughuan.*

*Kung ang asawa mo'y darating ng bahay  
Gáling sa kaniyang paghahanapbuhay  
Kung may lungkot ka man ay pasalubungan  
Ng masayang mukha na may pagmamahal.*

*Pag-ukulan mo rin ng wastong pagtingin  
Ang kinaragdagan sa asawang giliw  
Mga pagsunod mo'y pakatitimbangin  
Nang hindi masabing ika'y kabil-anin.*

*Kung may kailangan bayaw mo't bianan  
Anumang gawa mo'y sagliting paron-an  
Huwag mo rin namang biglang iiwanan  
Uusisain mo'y kung may kailangan.*

*Sa kinaragdagan bayaw mo't bianan  
Magmasunurin ka nang buong paggalang  
Kung maaapi ka't kakaunting bagay  
Kapurihan mo rin kung mapagtiisan.*

*Ito'y simula ng paglubog ng araw  
Mula sa pagsikat sa kaliwanagan  
Didilim na pilit kusang tatalikdan  
Nagdaang panahon di na pagbabal'kan.*

*Iisa-isahing balikan sa isip  
Ang nangakaraang araw na matamis  
Nagsumpaang kayong saksi lupa't langit  
Buhol ng daliri ang saksing ginamit.*

*At ikaw babae siyang maghahawak  
Ng lahat ng iyong ikapapanatag  
Ikaw rin ang siyang susing magbubukás  
Sa mga darating na magandang palad.*

*Sukat dito na po loobin din nawa  
Pagsasama ninyo'y maging mapayapa  
Ilayo sa tukso at mga sakuna  
Hanapbuhay ninyo'y maging masagana.*

*Marapat abutin itong kurtisiya  
Tanda pagtalikod sa pagkadalaga.  
Santo matrimonyo ay ang iwing dangal  
Magaang pas-anin kung pagtutulungán*

*Subalit siya ng kabig-at-big-atan  
Sakali at hindi mag-uunawaan.  
Kayâ dahil dito'y inyong pagdamutin  
Pakinggan ang aking mga tagubilin.*

*Tagubiling ito'y kung inyong tuparin  
Maligayang búhay hari nga't sapitin.*

### *Sa Kinasalan*

*Dudulugin ko na ang aking bianan  
At itatanong ko kung ako'y manugang  
Dudulugin ko na ang aking kapatid  
At itatanong ko kung ako ay ibig.*

*Dudulugin ko na't aking lalapitan  
Ang bagong partido sa kinaragdagan  
Akong naparagdag mahirap ang búhay  
Huwag naman ninyong kapapahirapan.*

*Ako'y paalam na inang nagpalaki  
Mga kapatid kong sa aki'y nag-iwi  
At sa iyo naman amang nagpalaki  
Nag-aru-aruga sa araw at gabi.*

*Ako'y paalam na mga kaibigan  
Amai't inain, kapatid ko't pinsan  
Ating samaha'y huwag lilimutan  
Tulad din ng dati, tayo'y pisan-pisan.*

*Ako'y paalam na, kapuwa ko bata  
Ito'y simula na ng aking pagtanda  
Tatanda man ako'y bata ang edad ko  
Kayâ lámang gayo'y lalagay sa'stado.*

*Ako'y lalakad na't maghahanap-hanap  
Maghahanap-hanap bagong kamag-anak.*

### *Sa Umpukan*

*Sa kagalang-galang nating pag-uumpok  
Nása gitna na ng ligaya at lugod  
Parang kristalinong malinaw na bubog  
Batis ng ligaya ang pinaaanod.*

*Narini na nga po natindig na rini  
Pusong naghahirap ay antabayani  
Bakâ makapara roon sa sinabi  
Katawan ay kahoy, bunga'y lagedarni.*

*Huwag nang magtampo, huwag nang magalit  
Aking pagbibigyan pawang iyong hiling  
Sa ganda mong iyan, di ka bibiguin  
Anumang hiling mo'y pilit kong gagawin.*

### *Pútong*

Literally, *pútong* means crown. It was customary to celebrate a dear friend's, relative's or a land-lord's birthday with this beautiful ceremonial dance and song. Friends, relatives, and tenants of the honoree gather together, prepare gifts and food, invite or hire musicians, make a crown of flowers for the honoree and prepared other things for the celebration. When everything is ready, the people go to the honoree's house and perform this dance and song. This is called *asáto*. The first two stanzas of the song are sung while the people are going up the stairs. The honoree is requested to sit on a chair between two small girls dressed as angels and each holding a lighted candle. The crowning and dancing are done in front of the honoree who is at the center of the room.

*Malaki ang tuwa nang kami'y dumating  
Nang aming makita ang inyong luningning  
Lubos ang pag-asa, kami'y tatanggapin  
Ang lahat ng tao'y inyong aampunin.*

*Nang kami'y dumating sa inyong pintuan  
Itong si San Jorge, aming natan-awan  
Naroon sa trono na namamag-itan  
Sa dalawang anghel na may dalang ilaw.*

*Kami po'y may alay na isang korona  
Sa San Jorge aming dinadala-dala  
Ang kasama rito'y marikit na palma  
Sampung bulaklakan na kaaya-aya.*

*Hayo na't lumabas ang isa sa inyo  
Alay tang korona ipatong sa ulo  
At sakâ ang palma nama'y iabot mo  
Kasabay ang sabog asusena't liryo.*

*Yamang nar'yan ka na katawang mapalad  
Korona sa glorya tinamo mong agad  
Nagputong sa iyo birhenes na lahat  
Ng palma't korona sa ulong marilag.*

*At kayo pong lahat dito ay sumama  
At makiabuloy sa dakilang p'yesta  
Ang mahal na santo ipinagselebra  
Karampatan namang ihiyaw ng "Biba!"*

*Biba, biba, biba! Mabuhay! Mabuhay!  
Mabuhay ang santong aming pinutungan  
Biba ang kapatid, biba ang magulang  
At biba pa mandin ang kamag-anakan.*